

# ANG IKATLONG EXODO



All things are possible, only believe.

Iyukod natin ang ating mga ulo ngayon para sa isang salita ng pananalangin. Habang nakayukod ang ating mga ulo, iniisip ko kung mayroong espesyal na mga kahilingan na nais maipaalam sa harapan ng Dios. Itaas lamang ang kamay at, sa ilalim lamang ng inyong kamay, hawakan lang ang inyong mga kahilingan.

<sup>2</sup> Makalangit na Ama, nagpapasalamat kami para dito, sa isa na namang pagkakataon na magkatipun-tipon, sa bahaging ito ng Walang Hanggan. At kami'y umaasam sa umagang ito para sa pagpapanibagong-lakas na magmumula sa Iyo, upang bigyan kami ng katapangan para sa hinaharap na paglalakbay. Kami'y nagkakatipon kagaya ng ginawa ng mga anak na Hebreo sa madaling araw, upang manguha ng manna na ipinagkaloob para sa kanila sa magdamag, upang magbigay sa kanila ng lakas hanggang sa kinabukasan. Kami po ay nagkakatipon para sa espirituwal na Manna, ngayong umaga, upang bigyan kami ng kalakasan para sa paglalakbay.

<sup>3</sup> Sa ilalim ng bawa't isa sa mga kamay na iyan na itinaas, alam Mo pong lahat ang kanilang pangangailangan, Panginoon. At idinudulog ko ang aking panalangin, sampu ng sa kanila, sa Iyong harapan, na Iyong tutugunan ang bawa't pangangailangan na kailangan nila. Pagalingin Mo po ang mga maysakit at ang mga may karamdaman, Panginoon. Alam naming Ikaw ang Dios, at kayang gawin ang lahat ng mga bagay, at nangakong gagawin ang mga ito kung magagawa lang namin gaya ng itinatagubilin ng naturang awitin sa amin na, *Only Believe*, at habang pinapakinggan namin ang mga maluwalhating salita na, *Walk And Talk With The King*.

<sup>4</sup> Ngayon, Ama, Dios, pagpalain Mo po ang Iyong Salita habang ito ay inihahayag ngayong umaga, at makasumpong nawa Ito ng dakong pahingahan Nito sa aming mga puso, upang maihatid Nito ang mga bagay na kahilingan namin, Ama. Sa Pangalan ng Panginoong Jesus ay hinihiling namin ito. Amen.

Makakaupo na. Salamat sa iyo, kapatid.

<sup>5</sup> Naniniwala akong nasabi na, "Ako'y natuwa nang kanilang sabihin sa akin, "Tayo'y magsiparoon sa bahay ng Panginoon."

<sup>6</sup> Nang papaalis na ako sa Hot Springs, kahapon, sinasabi noon ni Kapatid na Moore, "Kapatid na Branham," sabi, "ikaw, magbibiyahe ka ba patungo doon, sa Texas, at kasama ko doon sa kombensiyon doon," sabi, "magpahinga lang ng ilang mga araw?"

7 Sabi ko, “May dalawang gawain ako bukas.”

Sabi niya, “Dalawang gawain?”

Sabi ko, “Oo.”

8 Sabi, “Sa ganiyan katindi mong nangangaral dito,” sabi, “dapat na magpahinga ang tao ng isang linggo matapos ang bawat isa sa mga iyan.” Sabi, “Ipaghalimbawa mo nga ang isang pastor, ibinibigay ang pang-umaga ng Linggo niyang mensahe, at iba pa,” sabi, “pagkatapos ay nagpapahinga siya sa nalalabi ng sanlinggo. At, saka, at marahil ’yun ay tatlumpung minuto, o humigit-kumulang.” At sabi, “Nangaral ka ng mga dalawa o tatlong oras dito, nang minsanan,” sabi, “pagkatapos, araw-araw, at kung minsan dalawang beses sa isang araw, at tapos nagsasagawa pa ng pila ng pananalangin, lahat ng mga pagkilalang iyan.” Sabi, “Sinasabi mo ngayon na uuwi ka na, magdaraos pa ng dalawang gawain sa Linggo?”

Sabi ko, “Opo, ginoo.”

Sabi, “Paano mo ’yun nagagawa?”

Sabi ko, “Ang tulong sa akin ay nanggagaling sa Panginoon.”  
Kita n’yo?

9 Huli na ang panahon, gaya ng isa, mayroong nagsambit kani-kanila lang, sa panalangin, habang papasok pa lang ako. Huli na ang panahon, at matindi ang pangangailangan, at narito tayo para ibigay naman ang ating bahagi, upang tumulong dito sa dakilang panahon na kinaroroonan natin.

10 Ngayon, kung loloobin ng Panginoon, mamayang gabi, gusto kong mangusap tungkol sa paksang, “Ang buhay mo ba ay maipagkakapuri para sa Ebanghelyo?” ’Yun ay, gusto kong iteyp ’yun.

11 At ngayon, hindi ko alam kung iteyp nila ito ngayong umaga, o hindi. May nakikita akong ilan sa silid. Mayroong—may ilan sa mga kasamang nariryan; sa palagay ko sila nga. Ako nga . . . Naisip kong gagawin ni Kapatid na Neville ito. Hiniling ko, noong nakaraang Linggo, na siya lamang ay magkaroon ng kaniyang . . . magpatuloy sa mensahe niya; at saka magpatuloy, hayaan lang akong sumaglit na may dalang bagay kasunod niya. Nguni’t, kung gusto nilang iteyp ang pang-Sunday school na aralin, aba’y, magiging mainam ’yon.

12 At pagkatapos, kung loloobin ng Panginoon, sa susunod na Linggo, ’yun ay, kung ipahihintulot ng Panginoon at naririto tayo, nais kong mangusap tungkol sa paksa na ninanasa ko sa matagal nang panahon, at ipinangako na sasalitain ko ang mga Mensahe na kagaya niyon mula sa tabernakulo, muna, ang mga nakateyp na Mensaheng iyon. Gusto kong isakdal ang lahing ito sa pagpapako sa krus kay Jesus Cristo; sa susunod na Linggo ng umaga, kung loloobin ng Panginoon.

13 At ngayon, mamayang gabi, sa ganap na alas-siyete, o alas-siyete y media, ay ang—ay ang Mensaheng “Ang buhay mo ba ay maipagkakapuri?”

14 Ngayon, kung minsan, sa pangungusap tungkol dito sa mga Mensahe nang ganoon, nagsasalita ako ng mga bagay na talagang nakakasakit. At hindi ko naman talaga eksaktong pinatutungkulan iyon para sa iglesyang ito rito, o ganung bagay. Tandaan, kapag nagsasalita ako, lumalaganap ’yun sa buong mundo. Kita n’yo? At may pagte-teyp tayong ginagawa, sa buong mundo, at dinadala nila ang mga Mensaheng ito doon sa mga kagubatan at saan mang dako. At pagka minsan pinangungunahan ako ng Espiritu Santo na magsalita ng isang bagay na maaaring ang mismong bagay na gusto Niya para sa isang tao doon sa Australia, saanman, o isang bagay. Kaya, marahil, sa ilang kalagayan, sasabihin n’yo, “Buweno, ngayon, ang ganiyang kalagayan ay wala rito. Para saan niya sinasabi ’yan?” Marahil para ito sa ibang dako, nakita ninyo. Kaya, oo, tiyak kong nauunawaan ninyong mga tao iyan, na ang mga Mensaheng ito ay hindi nakapatungkol sa alinman. Nakapatungkol lamang ito sa Iglesya, sa kabuuan, sa lahat ng dako, at sa anuman tayo akayin ng Panginoon na sabihin at gawin.

15 Nagkaroon ng maluwalhating panahon doon sa Hot Springs, at sa isang makalumang pagtitipong Pentecostal. Tiyak kong marami sa inyo ang nasiyahan na mga miyembrong Pentecostal doon, mula nang kayo—kayo na dumalo. Buweno, sadyang, hindi ko alam ’yung grupo. Dapat sana’y magtutungo ako ng sanlinggo lang, at naglaan ako ng dalawa o tatlong araw. Subali’t nais kong sabihin ang isang bagay. Sa pagtitipong iyon, talagang may pananampalataya sila, na maniwala. Kung sinuman sa inyo ang naroon . . .

16 Na, alam kong, itong binibini rito, na nakaupo sa sulok, hindi ko alam kung sino siya. O, banda rito, alam kong nandoon siya noon. At alam kong ang ilang mga kapatiran ay nandoon noon, si Kapatid na Jackson, sila, si Kapatid na Palmer.

17 Iyon ang nakakamit ng mga tao kapag may pananampalataya sila. Kita n’yo? Napansin ba ninyo ’yung pila sa pagpapagaling? Walang isa man na pumasok o lumabas na hindi pinagaling ng Dios. Kita n’yo? Kita n’yo? At kaya naman, kapag may pananampalataya kayo . . .

18 At isa pang bagay, maaaring may ilan sa inyo, na maaaring di maunawaan ang emosyong iyon, ang pagsasayaw, pagsisigaw. Buweno, sila lang . . . Hindi sila nakatingin sa isang kung sinong tao. Sila lang ay sumisigaw, sa harapan ng Dios. Kita n’yo? Ayos lang iyon.

19 Subali’t, gusto kong sabihin, ay isa sa—isa sa mga malilinis tingnan na grupo ng mga kababaihan na nakita

ko, 'yung mahabang buhok, at—at mga taong nagbuhat doon sa kagubatan, doon sa mga kakahuyan. Subali't hindi ako naniniwalang may nakita na akong sinuman sa paligid na para bagang napakamodernong tingnan, alam n'yo na ang ibig kong sabihin, na may lahat na ng uri ng make-up at mga bagay na nakalagay. Nakikita ito. Maaaring hindi ako sumasang-ayon sa kanila sa lahat ng itinuturo nila, nguni't talaga namang sumasang-ayon ako roon. Mukhang mga Cristiano iyon, para sa akin.

<sup>20</sup> Kaya pinangunahan ako ng Panginoon na mangusap tungkol sa isang paksa, kahapon, o 'yung araw bago kahapon, bandang tanghali: *Minsan Na Lamang, Panginoon*. At sa bahay-sambahan, ilan sa kanila na naroon ay di alam, may dahilan kaya ko ginawa iyon, dahil pinangunahan ako ng Panginoon na gawin iyon. Natatangay ang munting grupong iyon sa isang bagay, at tumulong ang Panginoon para iyon na—para magawa iyon. Kaya, talagang napakaganda iyon. Tunay na ako ay . . .

<sup>21</sup> Alam n'yo na, nagpapatuloy ang mga bagay. Kung wala kang espirituwal na paningin, hindi mo iyon nauunawaan. Kita n'yo? Kailangan ninyong abangan ang mga bagay na iyon.

<sup>22</sup> Pumasok ako. At itong Kapatid na Ungren, mga pangalawang beses ko na iyon na narinig 'yung tao na kumanta. Habang papasok ako sa silid, umaawit siya ng *I Walk And I Talk With The King*. Naisip ko, "Hindi ba't ang ganda niyan!" Kung paanong ang Hari kailanman. . . Kita n'yo? Naglalakad at nakikipag-usap, ibig sabihin niyon ay laging patuloy na pakikisama. Hindi lamang sa bahay-sambahan, kundi, sa lahat ng dako, lumalakad at nakikipag-usap sa Hari.

<sup>23</sup> At doon, nang tumingala ako sa pader, at may kard na nakadikit sa maliit na larawan doon, ng isang tila ba tanawin na isang lalaking nagngangalang George Todd ang—ang nagpinta para sa akin. Hindi ko alam kung bakit ginawa iyon nung tao. Marahil, siguro, sadyang di naman niya iyon inisip, at ipininta niya iyon. Larawan iyon ng isang bundok, doon sa gubat, at—at 'yung batis ay banayad na umaagos pababa. At sa kabilang panig ng naturang batis, ay nakatayo ang isang babaeng usa at isang batang usa, na nakataas ang mga tainga ng mga iyon, nakatingin sa kabila ng batis. Hindi ko alam kung naririto si G. Todd. Hindi ko siya kilala. Subali't, gusto kong sabihin ito, nangusap sa akin ang Panginoon noong tiningnan ko 'yung larawan. At marahil hindi niya alam, noong ipinipinta niya iyon.

<sup>24</sup> Natatandaan n'yo ba ang munting kuwento ko tungkol sa usa na babarilin na sana nung lalaki, at ang pagtawag nito? Buweno, naroon siya kasama ang anak niya, ganoon nga, sa tabi ng mga tubig ng buhay. Kita n'yo? Inspirasyon, kung paanong yaong inang usa at ang kaniyang anak ay naroroon! At naisip ko, "Oo. At doon sa kabilang ibayo, kung saan mayroon, sa tabi ng mga

punong luntian, may isa akong—isang ina at anak sa dako roon, din, na naghihintay doon.”

<sup>25</sup> Salamat sa iyo, kapatid, Kapatid na George Todd, kung naririto 'yung naturang lalaki ngayong umaga.

<sup>26</sup> Ngayon, ako ang tatalakay ng araling pang-Sunday school. Kadalasa'y medyo napapahaba ako dito.

<sup>27</sup> May bagay na patuloy na kumikilos sa puso ko, hindi ko alam, mula pa kahapon. Ngayon ating...kung ang Panginoon...ay isang—isang paksa. Tumatanda na ako, at ako—hindi ko alam kung gaano pa katagal akong mananatili rito. Subali't may malaking katanungan sa iglesya, na nagdulot ng di-pagkakasundo ng mga tao, at iba't ibang mga ideya.

<sup>28</sup> Kagaya na lamang ng pagkain ng “mansanas.” At nangaral ako tungkol sa Mensahe, at naniniwala ako, na matibay, kayang patunayan ito sa pamamagitan ng Mga Kasulatan, na hindi iyon mga mansanas. Kita n'yo? Nagdulot ng maraming kalituhan.

<sup>29</sup> Kaya, marahil, bago tayo umalis...Kailangan nating bumalik ngayon, sa loob ng mga tatlung araw, alam n'yo, doon sa Arizona. At kaya kung, bago ako umalis, kung loloobin ng Panginoon, nais kong talakayin ang Kasulatan. At huwag itong iteyp. Kung gagawin nila, huwag ibenta ang teyp. Huwag itong hayaang makalabas. Gusto kong ipaliwanag ang tunay na Katotohanan tungkol sa pag-aasawa at diborsiyo. Ito'y isang katanungan. At ito ang mga huling oras, na “Kung kailan mahahayag na ang lahat ng mga hiwaga ng Dios.” At kahapon, sa pag-akyat doon sa mga kabundukan, mga magbubukang-liwayway, tila baga sinasabi sa akin ng Espiritu Santo, “Iteyp mo iyon at isantabi mo,” hindi ko alam kung bakit, pero, “ang tunay na Katotohanan tungkol sa pag-aasawa at diborsiyo.”

<sup>30</sup> Ilan sa kanila ang nagsasabi, “Maaaring mag-asawa ang mga tao, kung maikukumpisal nilang sila'y nasa pangangalunya noon.” At ang iba'y nagsasabi, “Buweno, kung tinatrato nila nang masama ang isa't isa, at—at hindi na sila makapamuhay na magkasama; mas mabuti pang mabuhay, sa lupa, sa kapayapaan, kaysa naman mabuhay sa impiyerno sa ibabaw ng lupa.” At lahat ng iba't ibang mga katanungang 'yan! At ikinakasal sila ng ilan sa kahit paano lang na dating pamamaraan. At gusto naman ng ilan na wisikan sila ng banal na tubig, at ipanumbalik sila, at sabihin, “Hindi pa sila kailanman ikinasal.” At babasbasan sila, at ibabalik silang muli sa iglesya. Lahat na ng klaseng kalituhan na mayroon. Subali't, kung ganiyan karami ang kaguluhan, may Katotohan sa kung saan man.

<sup>31</sup> Naniniwala ako, at sinasabi itong may pagpipitagan, naniniwala akong ipinahayag na ito ng Panginoon sa akin, at ako...ang Katotohanan. At kung makararating man iyon sa gitna ng mga iglesya, gugutay-gutayin nito ang naturang bagay. Na, marahil nga dapat lang na ganoon. Subali't ito'y...Mas

gugustuhin ko nang hayaang ang mga pastor na lang, hayaan na lang ang mga pastor sa mga iglesya, na kuhanin 'yung teyp. At pakinggan nila iyon, at pagkatapos puwede na silang manguna mula roon. Subali't gusto ko lamang na iteyp iyon, upang ipakita ang tunay na Katotohanan nito. Naniniwala akong ito na ang oras kung kailan itong "mga hiwaga ay dapat nang mahayag," matapos. Nahagip ang mga ito, gaya ng sinabi natin, nang tuluy-tuloy sa mga kapanahunan, ng mga teyp, habang tinatalakay natin noon yaong *Pitong Tatak*, at *Pitong Kapanahunan Ng Iglesya*.

<sup>32</sup> At nahaharap tayo ngayon sa panahon para sa *Pitong Trumpeta*, at pagkatapos ay ang *Mga Mangkok*. At siguro makapaglalaan tayo ng dalawang linggong pagtitipon at pagsamahin ang mga iyon. Gusto kong maiteyp iyon.

<sup>33</sup> At pagkatapos, bukod pa roon, sinisikap ko ngayon na maipa-proofread ito, at gumawa ng mga aklat mula rito, ng *Pitong Kapanahunan Ng Iglesya*; pitong aklat ng kapanahunan ng iglesya, pitong teyp, at gawin itong ganoon. Maipagagawa natin ito sa pinakamababang presyong maaari nating makuha, para makakuha nito ang bawa't isa. Pagkatapos, kung magtatagal pa ang Panginoon, at ako'y magpatuloy, makikita ninyo na ang mga sinabi kong bagay sa Pangalan ng Panginoon ay magaganap kung paanong sinabi Ito. Hindi, pa, kailanman nabigo at ang ilan Dito ay magaganap nga sa darating pang panahon.

<sup>34</sup> At ako—umaasa akong pahihintulutan tayo ng Panginoon na magawa iyan kaagad-agad. Ipaalam natin sa mga tao, isang pagkakataon, dahil sa marami ang nagnanais na dumalo at marinig ang mga bagay na iyon. At ako—at pinasasalamat ko iyan.

<sup>35</sup> Kung walang maniwala Rito, o makinig Dito, anong buti ang maibibigay niyon sa akin, tumayo rito, magsalita ng anuman tungkol Dito? Kita n'yo? Ako'y magiging parang naghahagis ng tinapay sa mga tubig. Ito'y magiging parang . . . Kung walang maniniwala rito, kung ganoon para lang itong paghahagis ng perlas sa harap ng mga baboy. Subali't may libo-libong naniniwala Roon. Kita n'yo? At nanghahawakan sila sa bawa't Salita. At nais nating mapapasok ang marami, hangga't maaari, kapag tayo—kapag nakahanda na tayong idaos ang ganitong mga gawain, at para sa ikaluluwalhati ng Panginoon. At umaasa tayong ibibigay ito ng Dios sa atin.

<sup>36</sup> At ayaw kong isagawa 'yan hanggang sa ako'y magkaroon muna ng Makalangit na inspirasyon para gawin ito. Ang Dios ay may oras para sa lahat ng bagay. Kita n'yo? Hindi mo 'yon dapat pangunahan. Kung gagapasin mo ang iyong trigo bago . . . Maglalagay sila ng makinang panggapas at panggiik doon bago ito mahinog, mawawala sa 'yo ang mas malaking parte ng iyong

trigo. Kita n'yo? Kaya, kapag handa nang itagpas ang karit, itatagpas ito ng Dios, pagkatapos ay pupunta na tayo sa pag-aani. Subali't ako lamang. . .

<sup>37</sup> Kapag, nararamdaman kong may kabigatan akong gaya niyon. Naisip kong kumawala rito, sa ilang sandali. Buong araw kahapon, hindi ko iyon maialis sa isip ko, sa buong magdamag kagabi. Humiga ako bandang alas-dose. Nakatulog nang mga tatlong oras, noong gabi bago 'yun. At kagabi di ako makatulog. Ganoon pa rin, May nagsabi, "Iteyp mo iyang, *Pag-aasawa At Diborsiyo*." Kita n'yo? Kaya ako—ako. . . Kung loloobin ng Panginoon, kung mananatili iyon sa puso ko at magpapakita pa ang Panginoon ng ilan pa tungkol dito, buweno, kung ganoon, ako'y . . . ako—maaaring iteyp ko iyon. Kita n'yo?

<sup>38</sup> Nguni't, tandaan, para sa mga ministro lamang. Dumalo kayo, nguni't, at makinig. Nguni't 'yung teyp mismo, hayaang. . . Kita n'yo, pagka't lumalabas 'yun sa gitna ng mga kongregasyon, at ang ilan ay *paganito*, at ang ilan ay *paganoon*, at humahangon ng sarili nilang kuru-kuro. At nais kong magkaroon nito ang mga kapatirang ministro sa sarili nilang pag-aaral, at pagkatapos hayaan silang humayo mula roon, pagka't sila ang mananagot. Sila 'yun. Gustong pumaroon at iparinig ito sa huwes, ilan dito sa mga mahistrado. Oo.

<sup>39</sup> Tingnan kung anong sinabi ng Panginoon tungkol dito, *Pag-aasawa At Diborsiyo*. Mas sagrado pa ito sa kung ano ang ipinapalagay ng mga tao patungkol dito. At tutugma ito mismo sa *Ang Binhi Ng Serpiyente*. Sadyang gayon pa ring bagay, nagpapatuloy lamang, iyan ang mga hiwagang iyon. Alalahanin, "Sa mga araw ng tinig ng ikapitong anghel, kung magkagayo'y mahahayag na ang lahat ng mga hiwaga ng Dios," yaong mga nakatagong bagay na tatapusin ng Panginoon. Ngayon, sa abot. . .

<sup>40</sup> Tandaan ngayon, alas-siyete y media ay kung kailan n'yo uumpisahan ang pagtitipon ninyo. [Sinasabi ni Kapatid na Neville, "Oo."—Pat.] Ngayon, Kapatid na Neville, kung may mensahe ka para mamayang gabi, ipangaral mo iyon. Kita mo? ["Wala, po."] Hindi ako aabutin ng mga isang oras o apatnapu't limang minuto, at iteyp ko ang nalalabi rito.

<sup>41</sup> Gusto kong makinig kay Kapatid na Neville. Mahal ko siya. Kapatid ko siya. At ako—sa palagay ko'y napakagaling niyang tagapagsalita, kahanga-hangang ministro. At ako. . . Isang bagay na tungkol kay Kapatid na Neville, na gusto ko, kapag nagsalita siya ng anumang bagay, ipinapamuhay niya ang sinasabi niya. Ngayon, iyan ay—iyan ang pinakamahalagang bagay.

<sup>42</sup> Alam n'yo, mas maiging maipamumuhay mo sa isang tao ang isang sermon kaysa sa mapangaralan mo siya ng isa. "Sapagka't

kayo mismo ay mga sulat na nasusulat, na nababasa ng lahat ng mga tao.” Ngayon, tayo’y, bago tayo . . .

43 Maaari nating mabuksan ang mga pahina, subali’t kailangang buksan ng Dios itong araling pang-Sunday school, kaya hilingin lamang natin sa Kaniya na gawin iyon.

44 Makalangit na Ama, kami—kami sa pananampalataya ay tumitingin sa hinaharap. Nakatingin po ako ngayon, sa pamamagitan ng pananampalataya, tungo sa isang bagay na paparating na, Panginoon, sa ibabaw ng lupa, na hihila sa Iyong bayan na magsasama-sama. Kapag nakikita na namin ang mga iglesyang denominasyonal na labis na nanggigipit at nagiging lubos na nagkakaiba-iba, talagang itinutulak nito ang mga tao palabas; kung paano noon sa Egipto, isang faraon ang lumilitaw, na hindi nakakakilala kay Jose.

45 Gaya sa Alemanya noon, at—at hanggang sa Rusya, at Italya, ang mga tao ay nagluklok ng mga Joseph, sina Hitler at Stalin, Mussolini, na namuhi sa mga Hudyo. Kinailangan nilang umuwi sa kanilang lupang tinubuan. Dios, may mga pamamaraan Ka po sa paggawa ng mga bagay, na hindi namin nauunawaan. At ginipit Mo po sila. Wala nang tahanan sa Alemanya; ang lahat ay kinuha na sa kanila. Gayundin, sa Italya, sa Rusya, wala nang lugar na mapupuntahan. At pinabalik sila sa kanilang lupang tinubuan, para lamang maganap ang Salita.

46 Oh, ang mapagmahal na kamay ng Dios! Kung paanong, minsan, tila ba ito walang-habag, kung paano magdusa ang mga tao, subali’t iyon, pa rin, iyon ang mapag-arulang kamay ni Jehovah, na pinangungunahan ang Kaniyang mga mumunting anak. Pinasasalamatang Ka namin, Panginoon.

47 Ngayon dalangin ko, Dios, habang nakikita ko ang araw. Na, ginigipit ng denominasyon ang mga mananampalataya, itinitiwag sila, sinasabi, na, “Ang pangalan nila dapat ay nasa kanilang aklat, kung hindi ay mapapahamak sila. Na huwag magkaroon ng anumang kinalaman sa ibang grupo.” Iyon lamang ang mapagkalingang kamay ni Jehovah, na inaakay sila tungo sa Puno ng Buhay. Dalangin ko po, Dios, iyon, ang baw’t isa. Alam kong sila nga’y magiging ganoon. Dahil sa, ito’y Iyong Salita, at hindi Ito mabibigo. At nawa kami’y akayin sa Puno ng Buhay, upang kami’y maging tagapagtaglay ng Buhay na Walang Hanggan, makita ang kamay ng Dios, at, sa pamamagitan ng mga mata ng pananampalataya, ay makatanaw sa ibayo nitong mga aninong ito na nilalakaran namin sa araw na ito, makita ang Lupang pangako na nasa unahan lang namin.

48 Pagpalain Mo po ang Iyong Salita, sa umagang ito, Panginoon, itong ilang Mga Kasulatan at mga tala na naisulat ko rito. Ang Espiritu Santo nawa ay pumarito ngayon, habang inihahandog ko ang aking sarili, ang pagtutuli ng dila at kaisipan, ng diwa. At inihahandog ng iglesya ang kanilang mga



tainga ng pang-unawa, ang kanilang mga puso, at lahat po kami, sama-sama, na mangungusap Ka sa amin sa pamamagitan ng Iyong Salita, sapagka't ang Iyong Salita ay Katotohanan. Sa Pangalan ng Salita, na si Jesus Cristo, hinihiling po namin ito. Amen.

<sup>49</sup> Ngayon, buklatin ang inyong mga Biblia, sa Aklat ng Exodo. At ngayon nais kong basahin ang isang bahagi ng Kasulatan mula sa Exodo, ang ika-3 kabanata, mula 1 hanggang 12. Patuloy lamang na makinig, nang maigi, habang tayo'y bumabasa. Exodo, sa ika-3 kabanata, 1 hanggang 12.

*Inalagaan nga ni Moises ang mga kawan ni Jethro na kaniyang biyanan, na saserdote sa Madian: at kaniyang pinatnubayan ang kawan sa likuran ng ilang, at napasa bundok ng Dios, sa Horeb.*

*At ang anghel ng PANGINOON ay napakita sa kaniya sa isang ningas ng apoy na mula sa gitna ng isang mababang punong kahoy: at ang . . . siya'y . . . at siya'y nagmasid, at, narito, ang kahoy ay nagniningas sa apoy, at ang kahoy ay hindi natutupok.*

*At sinabi ni Moises, Ako'y liliko ngayon, at titingnan ko itong dakilang panoorin, na ang kahoy ay . . . kung bakit ang kahoy ay hindi natutupok.*

*At nang makita ng PANGINOON na panonoorin niya, . . .*

<sup>50</sup> Gusto kong bigyang-diin iyan!

*At nang makita ng PANGINOON na panonoorin niya, ay tinawag siya ng Dios mula sa gitna ng mababang punong kahoy, at sinabi, Moises, Moises. At kaniyang sinabi, Narito ako.*

*At sinabi, Huwag kang lumapit dito: kundi hubarin mo ang iyong panyapak sa iyong mga paa, sapagka't ang dakong iyong kinatatayuan ay banal na lupa.*

*Bukod dito ay sinabi, Ako ang Dios ng iyong ama, ang Dios ni Abraham, ang Dios ni Isaac, at ang Dios ni Jacob. At si Moises nga ay nagtakip ng kaniyang mukha; sapagka't siya'y natakot na tumingin sa Dios.*

*At sinabi ng PANGINOON, Akin ngang nakita ang kadalamhatian ng aking bayan na nasa Egipto, . . . aking dininig ang kanilang daing dahil sa mga tagapagpaatag; sapagka't talastas ko ang kanilang kapanglawan.*

*At ako'y bumaba upang iligtas sila sa mga kamay ng Egipcio, at upang sila'y isampa sa isang mabuting lupain . . . lupaing malawak mula sa lupaing yaon, at sa isang lupaing binubukalan ng gatas at pulot; sa dako ng Cananeo, . . . ng Hetheo, . . . ng Heveo, . . . ng Jebuseo.*

*At ngayon, narito, ang daing ng mga anak ni Israel ay umabot sa akin: saka aking nakita ang kapighatian na ipinighati sa kanila ng mga Egipcio.*

*Halika nga ngayon, at ikaw ay aking susuguin kay Faraon, . . .*

51 Napansin n'yo? "Ako'y bumaba." Nguni't, "Isinusugo Kita." Ang Dios, na mag-aanyong-tao. "Humayo ka." Hayaang basahin kong muli ang ika-10 talata.

*Halika nga ngayon, at ikaw ay aking susuguin kay Faraon, upang iyong ilabas sa Egipto ang aking bayan na mga anak ni Israel.*

*At sinabi ni Moises sa Dios, Sino ako, upang pumaroon kay Faraon, at upang ilabas sa Egipto ang mga anak ni Israel?*

*At kaniyang sinabi, Tunay na ako'y sasaiyo; at ito'y magiging tanda sa iyo, na ikaw ay aking sinugo: Pagka iyong nailabas. . .*

52 Ipagpaumanhin ninyo.

*. . . Pagka iyong nailabas na sa Egipto ang bayan, ay maglilingkod kayo sa Dios sa bundok na ito.*

53 Hindi napansin, dati, subali't sa pagkakadama ng lubos na inspirasyon ng Espiritu ngayong umaga, ay nakuha ko 'yan nang sandaling iyon. Ang Dios, na isinusugo ang Kaniyang lingkod pabalik kung saan siya tumakas, binigyan Niya siya ng tanda ng isang bundok. Hindi ko iyon napansin hanggang kani-kanina lang. "Ito ay magiging Walang Hanggang tanda sa iyo." Kita n'yo?

54 Ngayon mangungusap tayo, ngayong umaga, tungkol sa paksa ng ikalawang exodo ngayon; ng bayan ng Dios, o ang pagtawag sa mga tao ng Dios. Ang *exodo* ay nangangahulugang "inilabas; tinawag palabas; kinuha palayo mula sa." At gusto kong gamitin iyon bilang isang paksa, tungkol sa ikalawang exodo ng bayan ng Dios. [Pinamagatan ito ni Kapatid na Branham na, *Ang Ikatlong Exodo*, noong panggabing gawain—Pat.]

55 Ngayon, nagkaroon na sila ng maraming pag-exodo, siyempre, pero nangungusap ako tungkol sa panahon na tumawag ang Dios ng isang exodo, isang paghiwalay mula sa kung saan sila naroon, sa kasalukuyan. Dito, naghahanda ang Dios na tuparin ang Kaniyang Banal na pangakong Salita na ibinigay Niya kay Abraham, at kay Isaac, at kay Jacob. Mga taon, daan-daang taon na ang lumipas, subali't, ganoon pa man, kailanma'y hindi kinalilimutan ng Dios ang Kaniyang pangako. Sa panahon, sa takdang oras, laging ginagawa ng Dios ang Kaniyang pangako nang tama.

56 Kaya nga, may kapanatagan kayo na kung ano man ang ipinangako ng Dios sa Bibliang ito, ay gagawin Niya ito. Sadyang hindi na kailangan pang piliting mag-isip ng iba pa, at sabihin, “Buweno, ang propeta ay, marahil, ay nagkamali,” o, “hindi ’yan puwedeng mangyari sa araw na ito.” Tila halos imposible noon, mas imposible ito sa ngayon. Subali’t ginawa ito ng Dios, pa rin, dahil sa ipinangako Niya na gagawin nga Niya ito.

57 At tingnan kung gaano kasimple Niya itong ginagawa. “Ako’y bumaba. Narinig ko ang daing. Naaalala Ko ang Aking pangako. Bumaba Ako para gawin ito. Isinusugo Kita. Gawin mo ito. Ako’y sasaiyo. Tiyak, na Ako’y makakasama mo. Ang Aking hinding-, hindi nagmamaliw na Presensiya ay iyong makakasama saan ka man magpunta. Huwag kang matakot.” Kita n’yo? “Ako’y bababa upang magligtas.” Tiyak kong nauunawaan ’yan ng kaisipang espirituwal. Kita n’yo? Kita n’yo? “Ako—Ako’y—Aking isusugo ka, upang dalhin ang Aking bayan sa isang exodo. Tawagin sila palabas, at Ako’y makakasama mo.”

58 Ngayon, gaanong—gaanong makakaasa tayo, gaanong makapanghahawakan ang pananampalataya doon. Kita n’yo? Gagawin ito ng Dios. Ipinangako Niya ito. Kahit na gaano pa man, ano pa man ang mga pangyayari, o ano pa man ang sinasabi ninuman, gagawin ito ng Dios, pa rin, pagka’t ipinangako nga Niya. At ginagawa Niya itong napakasimple, na anopa’t, ito—lumalampas ito sa—sa pang-unawa ng may pinag-aralang kaisipan na magpipilit na mangatwiran tungkol dito, “Paano ito mangyayari?”

59 Hindi ko ibig sabihin na ang isang lalaki ngayon, na may mabuti’t malakas na pag-iisip, magandang edukasyon, na hindi Iyon mauunawaan ng lalaking iyon. Mabuti ’yun, at kahanga-hanga, hangga’t ginagamit niya iyon hindi para mangatwiran, kundi, ang pinag-aralang taglay niya, upang sampalatayanan ang Dios. Hayaang mapalitan ito sa kasimplehan ng pakikinig sa kung ano ang sinabi ng Dios, at sampalatayanan Ito. Makakatulong sa kaniya ang pinag-aralan niya kung ganoon.

60 Pansinin. Subali’t kapag sinusubukan na ng tao na mangatwiran, “Hindi ito maaaring mangyari,” kung ganoon itinutulak siya niyon palayo sa Dios, nang tuluy-tuloy, sa tuwina, kapag sinisikap niya na—na makinig sa kung ano, sa sarili niyang pang-unawa. Kita n’yo? Kung hindi ninyo nauunawaan, at may sinasabi ang Biblia na isang bagay, sang-ayunan na lamang Ito ng, “Amen.” Hayaan lang ito na maging ganun.

61 Ngayon, sa halip na buksan ang Mga Kasulatang ito, maaari ninyo itong isulat, sa araling ito na pang-Sunday school. Subali’t nais kong, marahil, kung gusto ninyo itong tingnan. Nguni’t, una, mayroon akong napakarami dito. Ating . . .

<sup>62</sup> Bago natin malaman kung ano'ng ibig sabihin ng exodong ito, ititipo ko ang exodo ngayon; exodo noon, sa exodo ngayon, at tingnan kung hindi ito tumatakbong magkaparehong-magkapareho. Isa sa mga ito ay natural. At ang mismong mga bagay na ginawa Niya sa natural, itinitipo Niya itong muli, ina-anti-tipo ito sa espirituwal, isang espirituwal na exodo.

<sup>63</sup> Kahanga-hanga, na makita ang Salita ng Dios! Paanong masasabi ng sinuman na Ito'y hindi kinasihan? Ito'y mga dalawampu't walong daang taon na ang nakalipas, alam n'yo. At kung paanong ipinangako Niya, at kung ano ang ginawa Niya at inilagay ito doon bilang huwaran, kung paanong Siya—Siya—ginagawa Niya ang anino ng isang bagay na magpatotoo ng—ng positibo. Tatalakayin ko 'yan, mamayang gabi, sa pagitan ng buwan at araw, kung loloobin ng Panginoon.

<sup>64</sup> Nguni't, una, dapat nating balikan ang Genesis upang makita kung bakit naroroon sila sa Egipto. Bakit nasa labas ng lupaing iyon ang bayan ng Dios? Kung tutuusin, ipinangako pa nga iyon ng Dios, doon mismo kung saan ang pasimula, kina Abraham, Isaac at Jacob, sa Palestina. Ibinigay sa kanila ng Dios ang lupaing iyon, at sinabi, "Ito iyon." Oh, kung ganoon, bakit wala 'yung mga tao sa lugar na inilaan sa kanila ng Dios?

<sup>65</sup> Iyan ang tanong sa araw na ito, din naman. Binigyan tayo ng Dios ng pentecostes. Binigyan Niya tayo ng Aklat ng Mga Gawa. Ibinigay Niya sa atin ang Espiritu Santo, upang pangunahan tayo at patnubayan tayo. Binigyan Niya tayo ng Lupain. At bakit nasa labas tayo Nito? Bakit nasa labas Nito ang iglesya? Bakit ang dakilang iglesyang Cristiano sa araw na ito ay hindi muling namumuhay ngayon na gaya ng Aklat ng Mga Gawa, na inilalabas ang gayunding bagay? May ilang dahilan dito.

<sup>66</sup> Alam nating lahat na tayo'y watak-watak, at tayo'y nasa malala nang kalagayan. At ang pinakamatinding kalagayan na—na kinabuhayan ng Cristianismo, ay sa araw na ito. At tayo'y nasa . . . nasa dulo mismo o bingit ng—ng isang malaki't kakila-kilabot na paghatol na nakahanda na para sa iglesya. At bago mangyari ang paghatol na ito, tumatawag ang Dios ng isang exodo, kagaya ng ginawa Niya noon. Ang mga kasalanan ng mga Amorrheo ay nagkapatung-patong na, kaya Siya—Siya'y tumatawag ng isang—isang espirituwal na exodo. Ngayon bumalik tayo sandali, sa tipo, at alamin.

<sup>67</sup> Nagtungo sila doon sa Egipto, dahil lamang sa pagseselos sa isang kapatid. Iyon ang dahilan na naroon ang Israel sa Egipto noong panahong iyon, nasa labas ng lupain. Tandaan, ang mga pangako ng Dios ay hangga't nananatili lamang sila sa lupaing iyon.

<sup>68</sup> Ngayon nakikita n'yo na ba kung ano ang ipinangungusap natin sa panalangin, kani-kanila lang? Bakit kinailangang patigas ng Dios ang puso ni Faraon? Upang maibalik ang

bayan sa lupang pangako, bago Niya sila mapagpala, nang sa gayon ay maipalitaw ang Mesiyas sa kanila.

<sup>69</sup> Paanong kinailangan Niyang patigas ang puso ni Hitler, upang maging laban sa Hudyo, gayong siya ay kalahating Hudyo, mismo? Paanong kinailangan Niyang gawin iyon kay Stalin, Mussolini? Kita n'yo? Mga taong hindi kinasihan, gaya ng isang bansa, sila—sila. . . Kailangang kunin ng Dios ang—ang mga bagay na pinamumuhayan nila, ang mga batas ng lupain, nang maraming beses, upang matupad ang Kaniyang mga ipinangako. Kaya, kinailangan Niyang papagmatigas ang mga puso ng mga diktador na iyon, upang itulak ang mga Hudyo pabalik sa lupang pangako. Kinailangang maging sa ganoong paraan.

<sup>70</sup> Ngayon nalaman natin, na, sa pagtungo doon, si Jose. . . Alam natin ang kuwento, habang pabalik tayo sa Genesis, at maari ninyo itong basta basahin lang. Dahil sa, ako'y medyo huli na para umpisahan itong mahabang araling pang-Sunday school, at sisikapin kong magmadali.

<sup>71</sup> Pansinin ngayon. Basahin n'yo ang nasabing kuwento kapag may pagkakataon kayo, tungkol kay Jose, na naisilang na huli sa kaniyang mga kapatid, sunod bago ang huli. Mauunawaan 'yan ng espirituwal na kaisipan ngayon mismo. Hindi siya ang huling anak; si Benjamin 'yun. Subali't sa pagkakatiwalag, pagmasdan. Sina Jose at Benjamin ay magkapatid nang buong-buo, at ang tanging dalawa na magkapatid. Hindi kailanman nakuha ni Benjamin ang pagkakalala hanggang sa nakatagpo na niya si Jose. At nangingibabaw sa lahat ng iba pa sa kanila, si Benjamin ay binigyan ng dobleng bahagi ng lahat ng ibinigay ni Jose. Buweno. Pansinin ngayon, nakita natin na doon, sila ay. . .

<sup>72</sup> Kinuha siya mula sa kaniyang mga kapatid dahil sa siya ay espirituwal. Isa siyang dakilang tao, bagama't ang pinakamapagpakumbaba sa grupo, ang pinakamababa sa grupo. "At kinapootan nila siya nang walang dahilan." Hindi nila dapat siya kinapootan. Dapat sana'y iginalang nila siya. Dahil, bakit nila siya kinapootan, dahil ba sa isa siyang kapatid? Hindi eksaktong ganon. Kinapootan nila siya dahil nakipag-ugnay sa kaniya ang Dios nang higit pa sa pakikipag-ugnayan Niya sa lahat ng iba pa sa kanila. Kita n'yo? Binigyan Niya siya ng isang—isang—isang—isang espirituwal na pang-unawa. Kaya niyang magpaliwanag ng mga panaginip, nang ganap na ganap. At kaya niyang sabihin ang mga bagay bago pa iyon mangyari, nang ganap na ganap, na sadyang eksakto sa kung paano talaga ang mga iyon. At siya—at hindi siya nag-atubili sa pagsasalita.

<sup>73</sup> Nakita niya ang—ang panaginip tungkol doon sa mga bigkis na yumuyukod noon sa harapan ng kaniyang bigkis, at nagalit noon ang kaniyang mga kapatid sa kaniya. Sabi, "Sa palagay ko, kung ganon, ikaw na munting holy-roller," sa ibang salita, "kailangan naming yumukod sa 'yo balang araw?" Subali't

ganoon nga itong nangyari. Kita n'yo? Paano nga naman yuyukod 'yung mga napakalalaking higante sa harapan niyaong munting, di-mahalagang nilalang na nakatayo roon? Subali't ginawa nga nila iyon, talaga ngang ginawa nila, at nagmakaawa. Subali't hindi, pa, siya nakaluklok noon sa kapangyarihan, nakita n'yo. Siya lamang noon ay nasa anyong bata pa.

<sup>74</sup> At pagkatapos nalaman natin, sa paggawa ng ganito, na si Jose ay kinuha mula sa kaniyang mga kapatid, ang mga denominasyon, at nagsimulang maglakbay na mag-isa. Kita n'yo? Ang mga kapatid niya, lahat nasa lupain. At pagkatapos dumating ang isang napakadakilang bagay. Napag-alaman nating ang Israel. . . hangga't nanahan sila sa kanilang tahananang dako, at nanatili. Ngayon, isang mabuting bagay 'yan, na manatili sa lugar. Sa pagkapuwesto, tama 'yan. Subali't pinaalis nila ang Espiritu.

<sup>75</sup> Ang mga pundamental, sa panahon ngayon, sa pagkapuwesto alam nila kung ano sila, sa pamamagitan ng intelektuwal na pagkaunawa sa Biblia, subali't walang Espiritu. Tinanggihan na nila si Jose, pinaalis na Siya. Ayaw nilang magkaroon ng anumang kinalaman Dito. "Isang grupo ito ng mga holy-roller. Isa itong. . . Ayaw naming magkaroon ng anumang kinalaman Dito." Itiniwalag na nila Siya, ibinenta na Siya, sa sanlibutan. Nawala na sila sa kanilang pakikisama.

<sup>76</sup> Ngayon, sa paggawa ng ganoon, ay umaalis na sila sa lugar, dinala doon sa Egipto, di kalaunan.

<sup>77</sup> Ngayon, ang kuwento nitong mapagselos na mga kapatid ay tunay na may napakalaking pagtutulad sa espirituwal na bahagi nito sa kasalukuyan. Tayo—alam nating lahat iyan, na ito ay purong pagseselos, hindi nga puro. Ito'y ang noon pa, na marumi't karumal-dumal na pagseselos. Kita n'yo? Walang kadalisan sa pagseselos. Kita n'yo? Ito'y wala nang iba pa kundi karumal-dumal na pagseselos. Gayong, nakikita na nila ang siya ring Biblia, at ang kalikasan ng siya ring Dios na sumulat sa Biblia, na pinatotohanan ang Kaniyang Sarili, at saka tanggihan Iyan nang walang kadahilanan. Puro. . . Buweno, hindi puro. Gaya ng sinabi ko, ito'y maruming pagseselos. Napapanood ang Dios na pinagagaling ang mga maysakit, binubuhay ang mga patay, ang siya ring Dios na nabuhay noong panahon ng mga apostol! Ang siya ring Ebanghelyo na isinulat nila, para dito sa espirituwal na paglalakbay, ay ang siya ring Dios na gumagawa ng ganoon ding bagay. Kaya't wala na silang iba pa kundi pagseselos, itiniwalag na nila, "At hindi kami magkakaroon Nito sa gitna ng mga miyembro namin." Kita n'yo? Ipinagatabuyan sila!

<sup>78</sup> Inakala nila, ng mga kapatid na iyon, na hindi nila kakailanganin ang isang taong ganoon, kaya, "Bakit di na lang siya paalisin?"

<sup>79</sup> Iyon ang, ganoon din ang nangyari sa panahong ito. Iniisip nila, na, “Dahil ang ating mga iglesya ay naging intelektuwal na, na nasa atin na ang mga pinakamagagarang magbihis na mga tao, ang pinakamalaking organisasyon, ang pinakamagagaling na mga ministro, na wala na tayong gamit pa sa Banal na Espiritu sa kung paano Ito noon.” Na, puno na sila. Sa ibang salita, mas malakas magsalita ang gawa kaysa sa mga salita: Na ang kanilang mga seminaryo, at ang kanilang... ang utak ng kanilang—kanilang pagkatao, at ang pagsasama-sama nila at—at pag-uusap-usap sa bagay na ito, ay may mas higit na kakayahan, sa pamamagitan ng kanilang sariling mga intelektuwal na kaisipan, na ilagay sa ayos ang isang Iglesya, nang higit na mainam kaysa sa magagawa ng Espiritu Santo. Kaya, hindi na nila Ito kailangan pa. “Ito’y Bagay na di na namin kailangan ngayon. Ito’y, ang mga araw niyon ay lumipas na.” Ngayon, hindi ba’t sadyang tama ’yon? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] “Hindi namin kailangan ang Espiritu Santo upang pagalingin ang mga maysakit. May mga doktor kami. Hindi namin kailangan ang Espiritu Santo upang magsalita sa iba’t ibang wika. Matatalino kaming lahat.” At kapag ginawa n’yo nga, ay inaalís n’yo, mismo sa inyong pundasyon, ang Pinakasandigan-ng-Buhay.

<sup>80</sup> Sinabi ni Jesus sa kanila na mga Hudyo, noong Kaniyang kapanahunan, “Hindi ba ninyo nabasa na, ‘Ang Bato na itinakwil ay ang punong Panulok na Bato na kinapapatungan ng buong gusali?’”

<sup>81</sup> Ngayon, nakita n’yo ba ang ibig kong sabihin? Tiyak kong kayo—maunawaan n’yo iyan. Na, ang—ang dahilan nito ngayon, ay dahil sa iniisip nilang hindi nila Ito kakailanganin. “Hindi namin kailangan ng mga nagsasalita sa iba’t ibang wika. Hindi namin kailangan ng mga tagapagpaliwanag ng mga wika. Hindi na namin kailangan ang mga propeta ng Lumang Tipan upang isaayos kami, sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Naiintindihan namin Ito.” Kita n’yo? Kumuha na sila ng isang gawang-taong sistema bilang kapalit ng Banal na Espiritu.

<sup>82</sup> Kaya nga, may mga taong pinili, na nakatala ang kanilang pangalan sa Aklat ng Buhay ng Kordero, hindi nila matatanggap iyon. Sila ay may kaisipang espirituwal, at kung kaya’t hindi nila matatanggap iyon. Hindi nila matatagalan iyon, kahit pa nabuhay ang mga ama’t ina nila sa kahit anong iglesyang organisasyonal.

<sup>83</sup> Kapag ang isang iglesya’y gumagawa, gumagawa nga, marahil hindi nito ihahayag nang tahasan. Oh, hindi. Hindi nila ito ihahayag nang tahasan, subali’t pinatutunayan iyon ng kanilang ikinikilos. *Heto* ang Salita. At pinatutunayan ito ng Espiritu Santo sa gitna ng mga iyon, kapag napagtitipun-tipon Niya sila, na pinagagaling pa rin Niya ang mga maysakit, at binubuhay ang mga patay, at nagsasalita sa iba’t ibang wika,

at nagpapalabas ng mga demonyo. Kaya, nakadepende ito sa . . . kung ano ang nasa loob ng isang tao.

<sup>84</sup> Si Gng. Arganbright doon, ay iniisip iyon, noong isang araw, na naroroon noon sa may daraanan, nagbubunot ng ilang damo, noong pinuputol niya ang damuhan. Napadaan ako, doon mismo sa tabi niya. Hindi niya ako nakilala, at hinayaan ko lang siyang magpatuloy. Nanonood ako.

Ngayon pansinin ang Espiritu Santo sa dakila Niyang gawa.

<sup>85</sup> Pakiramdam ng iglesya ay hindi na nito kailangan ang Espiritu Santo. Sasabihin 'yan sa iyo ng mga iglesya. At makatatayo 'yung mga tao at bibigyan ka ng napakahusay na intelektuwal na pananalita, halos mapaniwala ka dito. Ngayon tumigil tayo diyan, sandali. Hindi ba't sinabi ni Jesus na ang dalawa ay magiging halos magkatulad na magkatulad, "Iligaw Nito ang mismong Mga Hinirang kung maaari"? [Sinababi ng kongregasyon, "Amen."] Ang mga pananalitang intelektuwal ay magiging napakahusay, na magagawa nito—ililigaw nito ang mga tao. Iyon ay ebanghelyo, iyon ay mga tao na kayang hawakan ang salitang iyon sa mahusay na paraan, na halos kaya niyang gawin ang sinumang taong intelektuwal, kung nananangan ka lang sa pagka-intelektuwal nila. Sila—uusigin nila ang Espiritu Santo, at—at pipiliin ang pamamaraan ng tao. Nakikita natin iyon.

<sup>86</sup> Ngayon, ganoon din ang inisip nila tungkol kay Jose, at itiniwalag nila siya. At, oh, doon sa Egipto, oh, gaanong maaisip natin, gaanong makakagugol ako ng mga oras. Maaari kayong manatili rito sa loob ng tatlong taon at hindi kailanman iwan ang paksang iyan, araw at gabi, at makasumpong pa rin ng mga dakilang butil ng Espiritu Santo. Magagawang tumingin ng kaisipang espirituwal doon sa Egipto at makitang dumating ang pag-uusig na iyon; magagawang makita si Jose na dinadala palayo, para mag-umpisa ang pag-uusig. At pagkatapos ay makita ang Dios, na taglay ang Kaniyang gulong na nakapaloob sa gulong, na lahat ay ganap nang kumikilos. Makita si Potiphar na tinanggihan si Jose; makitang sinabi ang kasinungalingang iyon. At makita si Jose sa bilangguan, at humaba na ang kaniyang balbas, inihiwalay mula sa kaniyang mga kapatid. Subali't ganoon pa man, bigla na lamang, kumilos ang Dios. Kita n'yo?

<sup>87</sup> Kung gaano natin nakikita ang gulong na iyon na nakapaloob sa gulong, na kumikilos! Ang dakilang plano ng Dios na pinapakilos ang lahat patungo sa exodo na ito, sa oras na ito kung kailan tatawagin na Niya ang Kaniyang bayan pabalik muli sa lupain, pabalik sa naturang lugar, sa puwesto kung saan mapagpapala Niya sila at mailalagay sa gitna nila Yaong ipinangako Niyang ilalagay Niya sa gitna nila. Kinailangang naroroon sila sa kanilang lupain. Alalahanin, kinailangan nilang



lumabas sa lupain kung saan sila noon naroroon, at pumasok sa lupang pangako, bago pa muna makaparoon ang ipinangakong Mesiyas nila.

<sup>88</sup> At kailangang gawin ng Iglesia ang ganoon ding bagay; lumabas sa grupong iyan ng mga tumatanggi, tungo doon sa pangako, bago maihayag ang Mesiyas sa harapan nila. Nakikita n'yo ba iyon? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Ang Buhay ng Mesiyas, na naihayag, inihahanda ang isang Iglesia, isang Nobya.

<sup>89</sup> Magpapakasal ang isang babae sa isang lalaki, at di naman sumasang-ayon sa kaniya, ito'y magiging tila ba isang—isang bangayan, nang walang-patid. Subali't kapag ang isang lalaki at ang kaniyang maybahay, ang kasintahan niya, ang kaniyang katipan, kapag sila'y nasa lubos na pagkakasundo, gaya ng iisang kaluluwa at iisang kaisipan, dahil sa magiging isang laman na sila.

<sup>90</sup> Kung ganoon, kapag nagawa ng Iglesia na mapasa-lubos na pakikipag-isa sa Dios, hanggang sa ang kahayagan ng Kasintahang Lalaki ay mahayag na sa Nobya, dahil sa magiging isa na sila! Oh, anong dakilang aral. Buweno.

<sup>91</sup> Ngayon, alalahanin, ang kaisipang espirituwal na nakukuha ito, ay nagagawang makita ang tipo at anti-tipo, at napag-uunawa ito. Para sa isa, lamang, maaari tayong gumugol ng maraming oras dito. Masdan kung ano ang mangyayari.

<sup>92</sup> At bakit tayo naghintay sa haba ng mga panahong ito, mula dito sa oasis na panahon? Alam n'yo, sinasabi ng Biblia, na, "Tumakas ang iglesia patungo sa ilang, kung saan siya ay kinandili ng panahon at panahon." At bakit nagkaganito ang lahat ng ito? Na tayo. . . Kita n'yo? Ito pa rin ay ang gulong ng Dios na nakapaloob sa gulong.

<sup>93</sup> Bakit hindi ito ginawa ng Dios, matagal na panahon na ang lumipas, noong nauupo ang mga kalalaking may hawak-hawak na mga lapis, at—at ang mga kababaihan, at sinisikap na iguhit lamang ang panahon? Gaya ni Judge Rutherford at marami pa sa kanila, na, "Si Jesus darating ng '14." At—at si Mother Shipton ay naihula ito matagal na bago pa iyan, at iba pa, lahat ng mga panahong ito. At, kita n'yo, kapagka sumusunod sa ganito, sa pamamagitan ng kung ano ang sinikap nilang ipakahulugan sa Kasulatan, kita n'yo, sinira nila ito. Nakatago ito. Nakatago talaga ito. At paano magiging laban ang Kasulatan sa Sarili Nito, gayong sinabi ni Jesus, "Walang makaaalam ng minuto o oras?" Kita n'yo? Kita n'yo? Kumukuha lang sila ng isang piraso ng Kasulatan at pinanghahawakan Ito.

<sup>94</sup> Kailangan ninyong kunin ang buong Bagay. Pagkatapos, kung naroon ang Dios, kung ganoon ihahayag ng Dios iyon bilang siyang Katotohanan. Gaya ng Makalangit na pagpapagaling, kung hindi ito Katotohanan, kung gayon

ay hindi nga ito Katotohanan; walang anumang magiging kinalaman dito ang Dios. Subali't kung inihahayag Niya Ito bilang siyang Katotohanan, kung ganoon Ito nga ang Katotohanan. Kung paanong si Jesus . . .

<sup>95</sup> Sinabi ng Dios, “Kung mayroong isa sa gitna ninyo, ay isang propeta, o espirituwal, kakausapin Ko siya. At kung anong sabihin niya ay nangyayari, kung magkagayon ay dinggin ninyo iyon. Iyon na 'yon. Subali't kung ang kaniyang propesiya ay mali, kung ganoon . . .” Hindi maaaring magkamali ang Dios. Siya ay walang hanggan, walang pagkakamali, makapangyarihan sa lahat, at hindi Siya maaaring magkamali. Kaya, kung nagsasalita 'yung tao, kung ganoon ipinapakita nito 'yung tao. Kung sinalita niya ang sarili niyang mga salita, mabibigo ito. Subali't kung sinasalita niya ang Mga Salita ng Dios, hindi ito maaaring mabigo, dahil sa ang Dios ang nagsasalita. Kung ganoon, ang kaniyang inspirasyon ay nagmumula sa Dios, at ito'y . . . talaga ngang sadyang tama ito. Sa ganoong paraan sinabi ng Dios na sabihin ito. Sa ganoong pamamaraan na ang Bi- . . .

<sup>96</sup> Sa Lumang Tipan, sinabi Niya, “Kung hindi sila magsalita ng ayon sa kautusan at ng mga propeta, ay dahil sa walang Buhay sa kanila, walang Liwanag sa kanila.” Tama. Kailangan nilang magsalita ayon sa kautusan at mga propeta. At ang isang propesiya, o anumang bagay, ay dapat na nakaayon sa Salita. Kung hindi, mali ito. Kita n'yo?

<sup>97</sup> Ngayon, nalaman natin na lahat ng ito ay nangyari, dahil, naghintay. Mga rebaybal: ang mga Methodist, ang mga kay Luther, ang mga Baptist, ang mga kay Campbell, at—at lahat ng iba pa. Nagkaroon sila ng malalaking mga rebaybal. Ang Nazarene, Pilgrim Holiness, mga Pentecostal, lahat ay nagkaroon ng malalaking mga rebaybal. Subali't hindi pa dumarating ang dakilang exodo. Bakit? Sinabi ng Dios kay Abraham na pananatilihin Niya siya sa lupain noon, subali't ang—ang katampalasanan ng mga Amorrheo ay hindi pa nalulubos. At naghintay ang Dios, nagtiis. 'Yung mga tao, na nagsisikap na ipakahulugan, na nakikita nila ang Kasulatan na may madadaanan mismong isang bagay. May madadaanan mismong isang bagay, sabi nila, “*Ito* na ang araw na iyon.” *Ito* na ang panahon na iyon.” Subali't nabigo kayong maunawaan na ang katampalasanan ng mga Amorrheo ay hindi pa nalulubos.

<sup>98</sup> Apatnaraang taon sila maglalakbay doon sa Egipto, at ilalabas. Subali't ang totoo'y nanatili sila ng apatnaraan at apatnapung taon, dahil sa pagtangi sa propeta. Kinailangan nilang magdusa ng isa pa, mga apatnapung taon doon sa ilang, bago sila inilabas ng Dios. Naroon si Moises sa ilang ng apatnapung taon bago siya nagbalik upang iligtas sila, nakita n'yo. Lumampas ng apatnapung taon, lumipas, dahil tinanggihan nila ang mensahe.

<sup>99</sup> Ngayon, ang isa at kalahating minuto sa oras ng Dios ay mga apatnapung taon, sa ating oras. Ganoon kalaki ang agwat. “Ang isang libong taon ay isang araw lamang.” Kita n’yo? Ni wala nga itong isang minuto, halos. Pansinin, sa ganiyan.

<sup>100</sup> Ngayon nahuhuli na tayo. Bakit? Matagal nang nagtitiis ang Dios, naghihintay, nagmamasid. Hinayaan ang—ang kay Luther na lumitaw sa isang rebaybal, na nag-organisa pagkatapos. Hinayaan ang mga Methodist na lumitaw sa rebaybal; nag-organisa din. Hinayaan si John Smith, ang iglesyang Baptist, na lumitaw na may malaking rebaybal; nag-organisa. Hinayaang lumitaw ang mga Pentecostal taglay ang pagpapanumbalik ng mga kaloob; nag-organisa. Hanggang sa ang katampalasanan ay ganap na mapuno na, pagkatapos ay napagal na ang Dios, kung ganoon ay nagkakaroon na ng exodo.

<sup>101</sup> At nakikita natin ito, na ang mga tao sa sarili nila ay makalilingon doon sa agos ng panahon, na ang naturang bagay ay isinumpa na. Kumukuha na naman sila ng isang bara at isang pinong balabal ng Babilonia, muli. At iyan ang bagay na nagbibigay-sumpa sa gitna ng mga tao, kapag nagpupumilit ang mga tao na magpasok ng kaniyang sariling kaisipan tungkol sa mga bagay-bagay.

<sup>102</sup> Kailangan nating manatiling nasa Salitang iyan. Iyan ang mga utos ng Dios, ay, “Huwag magsihipo ng anumang bagay sa bayang iyon, ’yung isinumpang bayang iyon. Huwag n’yo itong hipuin. Hayaan lang ito.”

<sup>103</sup> At inakala ni Acana na maaari niyang kunin itong bara ng ginto at mamuhay nang totoong marangya gaya ng lahat ng iba pa sa sanlibutan, at pinong balabal ng Babilonia. Oh, sa mga Acana na nasa mga kamento! Kita n’yo? Subali’t isinumpa ’yung bagay, at patuloy itong isinusumpa. Isinumpa ito mula pa noong mismong Konseho ng Nicaea, sa Nicaea, Roma, isinumpa na mula pa noon. Subali’t hinayaan ng Dios na malubos ang katampalasanan, hanggang sa ang panahon ng mga Amorrheo ay halos ganap na.

<sup>104</sup> At ngayon sinuman na may pang-unawang espirituwal, tandaan, lagi kong sinasambit, pang-unawang *espirituwal*, nakikita n’yo na lubos na ang katampalasanan ng bansang ito. Nag-organisa siya at muling nag-organisa, at nag-organisa at nag-organisa pa. At siya na ngayon ay naging kompederasyon na, at nakikianib sa isang kung ano pa. Lubos na ang katampalasanan. Panahon na para sa exodo, panahon na ng pagtawag-palabas, patungo sa Lupang pangako. Hindi ang pangako, isang bansa lang na pupuntahan; kundi isang Tahanan, ang Milenyum, panahon para sa isang pagtawag-palabas. Ang katampalasanan ng bansang ito (hahampasin na naman ang isa mamayang gabi, kung loloobin ng Panginoon) ay lubos na. Siya ay marumi.

<sup>105</sup> Sasabihin n'yo, "Kapatid na Branham, ang bansang tinatahanan mo?" Siyanga, po. Tiyak nga. Sasabihin n'yo, "Bilang mamamayan ng Estados Unidos, hindi mo dapat sabihin 'yan." Kung ganoon, di dapat nagsalita ng sumpa si Elias sa Israel, at siya na isang Israelita noon. Disin sana'y hindi isinumpa ng iba pang mga propeta ang bansang iyon kung saan nasasakupan sila bilang mga Israelita.

<sup>106</sup> Subali't sinalita lamang nila, hindi ang sariling kaisipan nila, kundi ang Salita ng Panginoon. Kita n'yo? Nakadepende kung saan mo kinukuha ang iyong inspirasyon. Depende kung paano ito dumarating. Kung taliwas ito sa Salita, hayaan mo lang ito. Hinihiling ko sa sinuman na patunayan na taliwas Iyan sa Salita.

<sup>107</sup> Di ba't sinabi ng Biblia, sa Apocalipsis 13? Diyan makikita ang bansang ito. Labintatlo ang bilang ng bansang ito, isang bansa ng babae. Isa itong babae, sa Biblia. Babae ang nasa mga barya natin. Ito'y bansa ng babae. Dito nag-uumpisa ang pagkasira ng mga kababaihan, nagsisimula, kung saan ito nagtatapos. Ang pagkasira ay nagpasimula sa Eden, sa di pagsampalataya sa Salita ng Dios. Dito ay kung saan nito pinaumpisahan ang pagkakaroon ng mga babaeng mangangaral at lahat ng iba pa. Ang karumihan ng sanlibutan ay lumalabas mismo mula sa Hollywood, ang pinakamasahol na bansa sa mundo; mas maraming diborsiyo, pagsama-samahin pa ang lahat ng iba pa sa mundo. Kita n'yo? Bakit? Malalaman n'yo isa sa mga araw na ito, kung loloobin ng Panginoon. Makikita ninyo kung bakit, ang isinumpang bagay na ito. Makikita ninyo ang pagkabulag nitong mga kung anong diborsiyo na ipinangtabing ni Satanas sa paningin ng mga tao. Tayo'y nasa kahindik-hindik na oras. Ang katapusan natin ay halos naririto na ngayon, naniniwala ako. Bulok na sila, bulok na hanggang sa kaloob-looban.

<sup>108</sup> Makikita siya sa Apocalipsis 13, bilang na labintatlo. At alalahanin, lumitaw ito na parang isang kordero, kalayaan sa relihiyon. Subali't pagkatapos ay tumanggap ito ng kapangyarihan mula sa hayop; isang larawang katulad nito. At nagsalita siya na taglay ang lahat ng naturang kapangyarihan, at ginawa ang ganoon ding mga bulok na bagay na ginawa ng hayop sa harapan niya. Kung ganoon sabihin sa akin na hindi nga ito iprinopesiya patungkol sa bansang ito? Ang kalagayang Amorrheo ay halos nahihinog na, pagka't gumagawa na sila rito.

<sup>109</sup> At maging ang bago nating papa, ang pinaka layunin niya ay ang pagkaisahin ang mga kapatid nang sama-sama. At, sa natural na paningin, iyon ang dapat na gawin. Subali't sa paningin ng Dios, taliwas iyon sa Espiritu Santo. Hindi tayo puwedeng humalo sa ganoon. At bawa't iglesya ay paaanibin sa pederasyong iyon. Lumabas kayo sa bagay na 'yan, nang buong

bilis na magagawa n'yo. Tatanggapin n'yo ang tatak ng hayop, nang hindi nalalaman ang ginagawa n'yo. Lumabas kayo diyan.

<sup>110</sup> Umaasa akong napag-uunawa ito ng espirituwal na kaisipan. Tiyak kong napag-uunawa nga ninyo. Subali't paano naman kaya, doon sa labas. Kung sabagay, hindi mo naman maaaring dalawin ang bawa't bansa. Maaari kang magpadala ng mga teyp doon. Gagawa ng paraan ang Dios upang mahawakan ang isipan na iyon doon kung saan naihasik 'yung binhing iyan. Tama. At pagkatamang-pagkatama ng Liwanag rito [Ipinalampak ni Kapatid na Branham ang kamay niya nang minsan—Pat.], wala na ito, nagkaka-Buhay na. Kagaya nung munting babae sa may balon, sabi niya, “Hayun Ito.” Nakuha niya Ito.

<sup>111</sup> Lumabas kayo sa bagay na 'yan. Isinumpa iyan. “Isinumpa na?” Sabihin n'yo sa akin kung saan nabuwal ang isa at bumangong muli. Sabihin n'yo sa akin ang isa na bumangon na hindi nabuwal. Kaya, nakikita n'yo na mali ang naturang bagay. Buweno.

<sup>112</sup> Hindi pa lubos ang katampalasanan, ng mga Amorrheo, kaya kinailangan nilang magtagal-tagal pa at maghintay bago ang exodo. Subali't noong lubos na ang katampalasanan ng mga Amorrheo, saka nagkakaroon ng espirituwal na exodo, o natural na exodo, upang akayin ang mga tao patungo sa isang natural na lupain, kung saan ang natural na Amorrheo ay minsang nanahan, na tinawag iyon na lupain nila.

<sup>113</sup> At ang katampalasanan ng denominasyong Amorrheo ay tinawag ang sarili nilang “ang Iglesya,” nang napakatagal na, hanggang sa ang katampalasanan nila ay halos ganap na.

<sup>114</sup> May paparating na exodo, kung saan ipapakita ng Dios kung sino ang sino; kung saan ang Iglesya Mismo, ang Nobya ni Jesus Cristo, ay ilalabas, patungo sa Lupang ipinangako. “Sa Bahay ng Aking Ama ay maraming tahanan, sa lugar na ito.” Hindi n'yo kailangang pumunta roon at makipaglaban gaya ng ginawa nila. Nakahanda na ito. Kung masira itong tabernakulong ukol sa lupa, may isa pa tayong naghihintay na, “Upang kung saan Ako naroroon, kayo naman ay dumoon.” Ang dakilang exodo ay nalalapit na!

<sup>115</sup> Masdan kung paano isinagawa ng Dios ang exodong iyon, kung ano ang Kaniyang . . . anong paghahanda ang ginawa Niya, at pag-aralan sandali, saka tingnan ang araw na ito. Buweno. Pansinin, bago ang exodong ito, “May lumitaw na isang—isang faraon na hindi nakakakilala kay Jose.” Kita n'yo? Isang faraon na hindi nakakakilala kay Jose. “Hindi nakakakilala kay Jose.” Ano ba ang ikinakatawan ni Jose? Ang espirituwal na bahagi nitong espirituwal na exodo.

<sup>116</sup> May lumilitaw ngayon, “Tayo ay kalayaan.” (“Ang babae ay kinandili hanggang sa isang panahon, mga panahon, at

kalahati ng isang panahon.”) Subali’t sa wakas ay may lumitaw na isang—isang Jos- . . . o isang faraong diktador na hindi alam ang kalayaan sa relihiyon, na pinagkakaisa silang sama-sama. Huwag n’yo itong hayaang malampasan kayo. Dumating ang panahon kung saan may isang faraon, muna, na kinailangang dumating.

<sup>117</sup> At namumuhay ang mga organisasyon nang sagana, nabuhay bilang isang iniugpong na sanga, sa tunay na puno ng ubas ng Cristianismo, subali’t ipinamumunga pa rin nito ang mga orihinal nitong bunga: ang mga kababaihan, halos mahubaran na; ang mga kalalakihan, intelektuwal, at itinatangi ang kapangyarihan ng Espiritu. Subali’t, nabuhay ito sa ilalim ng pangalan ng isang iglesyang Cristiano. Iniugpong ito na sanga ng puno ng ubas. Subali’t pumaparito na ngayon ang Magsasaka upang pungusin ang puno ng ubas na iyon, gaya ng sinabi Niyang gagawin Niya. Lahat ng wala sa kanila ’yung bunga ay puputulin at itatapon sa apoy at matutupok.

<sup>118</sup> Hindi kalugud-lugod na bagay ito para banggitin, subali’t ang Katotohanan kung minsan ay tila ba hindi kalugud-lugod. Gaya ng kasasaad lamang sa inyo, kung paanong dinadala ng Dios ang Kaniyang mga anak sa malalalim na mga tubig at sa maputik na buhanginan at ganung bagay. Ginagawa Niya ito sa ganoong paraan. Tandaan, ang—kailangang madurog ang palayok, bunton, maliliit na piraso upang maihubog at magiling na muli. Tila ba isang napakahirap na bagay ang sirain ito, subali’t kailangan itong gawin sa ganoon, para magawang muli ang palayok, ang plorera o anuman ang binubuo mo.

<sup>119</sup> “May isang faraon na lumitaw, na hindi nakakakilala kay Jose.” At iyon ang umpisa ng simula. Iyon ang umpisa ng exodo. At kapag ang bagay na iyon ay nag-umpisa nang mabuo, sa ilalim ng isang—isang kapangyarihang pulitikal, nag-umpisa nang mabuo, ang Dios ay mag-uumpisa nang maghanda. Ang katampalasanan ng mga Amorrheo ay ganap na. Natupad na ang panahon ipinangako Niya kay Abraham, at ang panahon ng pagpapalaya ay nalalapit na.

<sup>120</sup> At pinahintulutan ng Dios ang isang faraon na lumitaw, na hindi nakakakilala kay Jose, at si Raamses ay isinilang. At pagkatapos ni Seti ay dumating si Raamses. At si Raamses yaong hindi nakaaalam sa mga pagpapala kay Jose. At—at hindi niya alam kung ano ang panig na espirituwal. Isa lamang siyang henyo sa pulitika, na kaya niyang sakupin ang Ethiopia at lahat ng iba pang mga bansa, sa ilalim ng kapangyarihang militar. At ’yun lang ang alam niya, ay ang—ang kapangyarihang militar.

<sup>121</sup> At sa palagay ko, kung ang sinuman ay espirituwal, ay makikita kung ano’ng nagaganap na ngayon. Nagkakaroon na tayo ng faraon na hindi nakakakilala sa kalayaan sa relihiyon. Nang mailuklok ang presidente natin sa kaniyang katungkulan,

ayaw niyang panumpaang iyan, na naniniwala siya sa kalayaan sa relihiyon.

122 Paano naman 'yung nakaraang araw noong nagkaroon tayo nitong isyu tungkol sa segregasyon, doon sa Katimugan? Nang itong gobernador ng—ng Alabama... Sana makausap ko ang ministrong iyon, 'yung si Martin Luther King. Paanong magiging pinuno 'yung tao, at inaakay ang kaniyang mga kasama sa isang patibong ng kamatayan? Kung mga alipin ang mga taong iyon, nandoroon sana ako, na nakatanggal na ang amerikana ko, nakikipagbaka para sa mga taong iyon. Hindi naman sila mga alipin. Sila'y mga mamamayan. Mga mamamayan sila ng bansa. Ang isyu tungkol sa "pagpasok sa paaralan."

123 Ang mga taong iyon, kung may matigas silang puso at hindi alam ang mga bagay na iyon. Hindi mo puwedeng ipagdiinan sa mga tao, ang mga espirituwal na bagay, na ang naipagdikdikan na roon ay gamit ang mga kapangyarihang pampulitika. Kailangan nila itong tanggapin, maipanganak na muli, saka nila makikita ang mga bagay na ito.

124 Subali't, ang lalaking ito, kung makakausap ko lang sana siya; inaakay yaong mga minamahal na mga tao, sa ilalim ng pangalan ng relihiyon, patungo sa isang patibong ng kamatayan kung saan papatayin niya ang libu-libo sa kanila! Hindi nila... Nakukuha lang nila ang—ang panig na natural.

125 Ang lalaking ito, 'yung naturang itim na kapatid, noong dumating ang malaking paghihimagsik na iyon sa Louisiana, naroroon ako noong panahong iyon. Noong ang... May isang itim na ministro, minamahal na matandang kapatid, na tumayo roon at nagsabi, hiniling sa militia, "Maaari ba akong magsalita sa kanila? Sila'y mga kalahi ko." At tumayo itong matandang ministro, doon, sabi, "Nais kong sabihin, ngayong umaga, hindi ko kailanman ikinahiya ang kulay ko. Ginawa ako ng Manlilikha ko kung ano ako."

126 Ganoon Niya gustong manatili siya. Ganoon Niya gustong manatili ang bawa't tao. Gumagawa Siya ng mga puting bulaklak, at mga asul na bulaklak, at lahat ng kulay ng bulaklak. Huwag ninyong paghalu-haluin ang lahi nila. Huwag ninyong paghahaluing-uri sila. Magiging laban kayo sa kalikasan.

127 Sinabi niya, "Kailanma'y hindi ko pa ikinahiya ang kulay ko, hanggang sa umagang ito." Sabi niya, "Kapag nakikita ko ang mga kalahi ko na nag-aaklas at ginagawa ang mga bagay na ginagawa nila ngayon," sabi niya, "nakararamdam ako ng kahihyan para sa kanila." O Dios, pagpalain Mo po ang tinig na iyon. Sabi niya, "Magdudulot lang kayo ng kaguluhan." Sabi, "Tingnan n'yo ang mga paaralan dito. Kung wala sana tayong mga paaralan," sabi, "magiging iba na 'yon. Subali't sino ang may pinakamaiinam na mga paaralan dito sa Louisiana?" Sabi, "Kunin natin, bilang halimbawa, ang ating siyudad, ang

Shreveport.” Sabi, “May paaralang para sa mga puti banda roon, iyon ’yung lumang paaralan. Ipinagpatayo nila tayo ng isa pa. Wala man lang silang isa sa mga instrumento, isang laruan para sa mga bata. Napakarami ng sa atin. At maliban pa doon, ipinagtayo nila tayo ng isang napakaluwang, na malaking, marmol na paliguan para sa ating mga anak. At nasa atin ang pinakamahuhusay na mga guro na makukuha.” Sabi, “Bakit n’yo gustong pumunta doon, samantalang mayroon naman tayong mas mainam dito? Ano’ng nangyayari sa inyo?” sabi niya.

<sup>128</sup> At ’yung mga tao, sila, “Rah!” Pinatahimik nila ’yung tinig. Hayun na, kita n’yo, maling inspirasyon.

<sup>129</sup> Kung ang mga taong iyon ay mga alipin. Mga kapatid ko silang lalaki’t babae. Kung mga alipin sila, sasabihin ko, “Makiisa na lang tayo sa kanila at magtungo sa lansangan at magprotesta laban sa bagay na iyon.” Hindi sila mga alipin. Mga mamamayan sila na may parehong karapatan na mayroon ang iba pa. Isa lamang itong bungkos ng inspirasyon na nagmumula sa impiyerno, upang maging dahilan na ang isang milyon sa kanila ay mamatay. Nagsimula sila ng isang rebolusyon. Siyanga, ganoon ’yon. Hindi ’yon tama.

<sup>130</sup> Ang mga lalaki’t babae ay may sarili nilang karapatan. Ang mga itim nating kapatid, at ang ating mga Hapones, at ang mga dilaw, puti, itim, at anuman sila. Walang kaibhan sa kulay ng isang dios. Nagbuhat tayong lahat sa iisang tao, si Adan. Subali’t kung pinagbukod-bukod tayo ng Dios at ginawa tayo na iba’t ibang kulay, manatili tayong ganoon. Kung ako’y isang—isang taong dilaw, gugustuhin kong manatiling Hapones, o Intsik. Kung ako’y isang—isang—isang taong itim, gugustuhin kong manatiling ganoon. Ginawa ako ng Dios na ganoon.

<sup>131</sup> Sa totoo lang, marami ang tungkol sa lahing itim na dapat taglayin ng puting lahi. Wala silang kabagabagan. Higit silang espirituwal. May isang libong bagay tungkol sa kanila na hindi man lang maabot ng puting tao. Ginawa sila ng Dios na ganoon.

<sup>132</sup> Sino ba ang mas gagaling pa sa isang itim na koro pagdating sa pag-awit? Saan ka makakatagpo ng mga ganoong boses? Nakita ko na silang nagbuhat mula sa mga lupain doon, hindi alam kung alin, ang kanan at kaliwang kamay. Tatlumpu o apatnapung iba’t ibang tribo nila, at umaawit sila sa isang punto, nakatayo doon ’yung maestro, sabi, “Sadyang hindi ko ’yun maabot.” Nagturo siya ng mga koro ng maraming taon, at ang isa ay sa mataas na octave, at mababa, at lahat na. Sabi, “Pakinggan n’yo ’yan, sadyang perpekto, maging sa ibang wika.” Sila’y may likas na talento.

<sup>133</sup> Subali’t, nakita n’yo, kinakailangang mangyari ang lahat ng bagay na ito, dahil lamang sa isang pulitiko na inihalal ninyong mga tao sa pamamagitan ng baluktot ninyong mga makinarya.



134 At noong isang araw, noong tumayo doon ang gobernador, nanumpa at hinirang sa katungkulang iyon, ng mga tao, at ang isyu tungkol sa segregasyon sang-ayon nga sa konstitusyon ay, na bawa't—bawa't estado ay maaaring gamitin ang sarili nitong kaisipan tungkol dito. Wala siyang pakialam, subali't binasa niya ang konstitusyon, sabi, “Ngayon, ang paaralan ay tumatayo para sa segregasyon.” May paaralan sila roon. At dalawang itim na bata lang ang nais na pumasok sa paaralang iyon, gayong may sarili naman silang kolehiyo. Subali't tumayo siya't nagsabi, “Ano?” Binasa pa nga niya ang konstitusyon.

135 Pagkatapos noong bumalik ito sa taong ito rito na mayroon tayo sa itaas dito, na hindi nakakakilala kay Jose, sa kalayaan. Humahatak para sa mga botong iyon ng mga itim, at hindi nalalaman na ang partidong republican ang siyang nagpalaya sa kanila, sa unang-una pa lang. Ibinebenta ang kanilang karapatan sa pagkapanganay, sa ganiyang klase ng bagay, upang akayin sila tungo sa isang patibong ng kamatayan, para ipakita na ang bawa't gawang-taong sistema ay guguhon nga. Tumpak na tumpak. At isinabansa ni G. Kennedy ang hukbong iyon, at ipinadadala ang mga taong iyon pabalik sa harapan ng sarili nilang mga ama na nanindigan roon sa ilalim ng konstitusyon. Muling binali niyan ang konstitusyon.

136 Sabi, “Hindi tayo lalaban. Hindi, po.” At sabi, “Umaasa akong malalaman ng bansa na hindi na tayo nabubuhay pa sa ilalim ng isang demokrasya, kundi sa ilalim na ng diktaduryang militar.”

137 Alam n'yo ang matandang kasabihan, “Minsang taga-timog na democrat, ay palaging gayon na.” Hindi ko na alam ngayon. Uh-huh. Tiyak na magkakaroon ng sapat na katinuan ang isang tao para magising sa isang bagay. Kita n'yo? Hayaan lamang ang mga minamahal na taong iyon. Huwag silang patayin, doon.

138 Kagaya ng lalaking bumaril sa kapatid na iyon sa likod, noong isang gabi, na gamit ang baril na iyon, at 'yung maliliit niyang mga anak at asawa ay nasa loob ng bahay. Wala akong pakialam kung sino pa man siya, iyan ay kalait-lait at mababa. Siyanga, po. Gusto kong maging tagahatol diyan sa kasong iyan, minsan. Uh-huh. Uh-huh. Binaril ang lalaking iyon, na pauwi noon sa kaniyang asawa't mga anak. Isa siyang mamamayan, may karapatang manindigan para sa kung ano sa tingin niya ang tama, isang mabuting lalaki. Nasa *Life* magazine ang larawan, ang paslit na batang lalaking iyon na umiiyak para sa kaniyang tatay. At isang kung sinong taksil doon, binaril siya sa likuran, sa isang pagtambang.

139 Ganoon ang kahihinatnan n'yo kapag tinanggihan n'yo si Cristo. Tama 'yon. Diyan nasadlak ang buong bansa, lahat sa ilalim ng pulitika. Sadyang kahiya-hiya, subali't ganiyan ang ginusto natin. Pinatunayan natin iyon sa eleksiyong ito.

<sup>140</sup> Sinabi sa akin ng maliit kong anak na lalaki, ngayong umaga, “Daddy, ang mga pilgrim fathers, noong pumarito sila, kabilang po ba silang lahat *dito* sa isang denominasyon ng iglesia? Sila bang lahat. . .” Sabi, “Nakasuot po ba sila noon ng malalaking amerikana?”

<sup>141</sup> Sabi ko, “Hindi, mahal ko. Pumunta sila dito para sa kalayaan sa relihiyon. Iyon ang ipinunta nila dito, upang umalis sa ilalim ng ganoong klaseng bagay.” Nakikita ba ninyo kung saan na ito nakarating ngayon? Ipinapakitang lahat ng mga kahariang ito ay kailangang mabuwal.

Dapat na akong magmadali.

<sup>142</sup> Isang bagay lang, dalangin kong si Kapatid na Martin Luther King ay tiyak na di-magtatagal ay magigising. Mahal niya ang kaniyang mga kalahi; walang duda. Nguni’t kung nakikita lang sana niya kung nasaan ang kaniyang inspirasyon. Anong buti ang magagawa niyon kung pumasok ka sa paaralan, isang milyon naman sa inyo ang nakahimlay roon, na patay na? Hindi ba’t magiging, ang pagpunta sa paaralan, ganoon din naman? Ngayon, kung dahil—kung dahil sa pagkagutom, kung para ito sa iba pang bagay, pagiging mga alipin, magiging martir ’yung tao na ’yon na ibigay ang kaniyang buhay para sa ganoong layunin, isang karapat-dapat na layunin, at magiging karapat-dapat iyon na layunin. Subali’t para lang makapasok sa paaralan, ako—hindi ko ’yun makita. Kita n’yo? Hindi ako naniniwalang sumasang-ayon sa kaniya ang Espiritu Santo, man lang, tungkol doon. Nahimok lang nito ang mga tao, sa isang bungkos ng kaguluhan, nakita ninyo.

<sup>143</sup> Sadyang—gaya lang ng ginawa ni Hitler, doon sa Alemanya, inakay sila mismo patungo sa isang patibong ng kamatayan, silang mga minamahal na Aleman. At bilyun-bilyon silang nakabulagta noon, o milyun-milyon, nagkapatung-patong doon sa ibabaw ng isa’t isa.

<sup>144</sup> At ganoon na ganoon din ’yun. At tandaan, nakateyp ako. Makikita n’yo ito, pagkatapos, marahil pagkatapos na wala na ako. Ganiyan eksakto ang mangyayari. Sila na mga minamahal na tao ay mamamatay doon, na parang mga langaw. Mag-uumpisa ng rebolusyon, kapuwa puti at itim ay maglalaban muli, at mamamatay na parang mga langaw. At ano ang mapapala ninyo pag tapos na ang lahat ng iyon? Isang bunton ng mga patay na tao.

<sup>145</sup> “Subali’t may lumitaw na faraon na hindi nakakakilala kay Jose.” Ganoon din sa araw na ito, lumitaw ang isang tao at nanumpa sa—sa White House, na ayaw sumumpa sa kaniyang panunumpa, ayaw manumpa na naniniwala siya sa kalayaan sa relihiyon.

<sup>146</sup> Ano’ng sinasabi ng bagong papa na ito? Isa. . . . Apat na bagay na taglay niya. Ang isa sa mga ito, ay ang pagkaisahin ang

Protestante at ang Katoliko na magkakasama. At sa anumang intelektuwal na tao, ganoon nga ang bagay na dapat gawin. Subali't sang-ayon sa Biblia, iyon ang maling bagay na gawin. At sinabi ng Biblia na gagawin nila iyan.

<sup>147</sup> Magpatuloy pa tayo nang kaunti. Sa panahong ito, si Raamses, sa Egipto, ay lumalaki na. Lumalaki na ang kapangyarihan niya. Ang taong natural, na si Raamses, ay lumalaki.

<sup>148</sup> Ang taong natural, ang anticristo, ay lumalaki na ngayon. Sa pamamagitan ng pulitika, ay nakarating na siya sa White House. Sa relihiyon, lubos na napag-alinlangan na niya ang mga tao, hanggang sa talagang nabibitag na sila dito. At ang mga pinunong makadenominasyon, halos bawa't iglesya na mayroon sa bansa, ay kasapi na sa kapisanan ng mga iglesya. Lumalaki na si Raamses. At nagkakaisa na silang lahat, at 'yun ang magkakaroon sila. At ano ang ginagawa nito? Bumubuo ito ng kapangyarihan, isang hayop na gaya nung una.

<sup>149</sup> Pagkatapos may pag-uusig na darating sa lahat ng ayaw na makipagkaisa dito, at isang pag-boycot. Magiging huli na kung ganoon. Tinanggap n'yo na ang tatak. Huwag sabihin, "Gagawin ko iyon sa panahong 'yun." Mabuti pa'y gawin mo na 'yon ngayon. Lumalaki na si Raamses.

<sup>150</sup> Nguni't tandaan, habang lumalaki sa kapangyarihan si Raamses, sa Egipto, mayroong Moises ang Dios sa ilang. Lumalaki na rin siya. Si Raamses ay may sistemang pulitikal. Ang Dios ay may sistemang espirituwal, sa ilalim ng isang propeta, na handang magtungo, upang mangusap sa bayan.

<sup>151</sup> Kapuwa na naman silang lumalaki. Magiging isa itong pagtutuos, isa sa mga araw na ito. Hindi na magtatagal pa ang panahon na magkakaroon ng pagtutuos. Gaya ng natural. . . Gaya ng sinasabi ng Kasulatan, "Itinitipo ng natural ang espirituwal." Hindi kayo maaaring makawala rito. Hayan na ito. Nariyan na ito mismo sa harapan ng inyong paningin. Ito'y Katotohanan. Tingnan ang Iglesya ngayon, tinatawag na, paluklok na sa kapangyarihan. Bumababa na ang Espiritu Santo, ang mga hiwaga ng Dios ay inihahayag na at inilalagay sa ayos. Kita n'yo? At dito mismo, naroon na siya sa White House. At hinahatak ng Iglesya ang Sarili Nito nang sama-sama, amen, hindi isang denominasyon; palabas sa pagkaalipin mula sa mga katampalasanan, palayo mula sa mga Amorrheo, isang bayang malaya. Oh!

<sup>152</sup> Kinuha ng Dios si Moises, na noo'y Kaniyang magiging propeta. Bagama't nakapagpropesiya na siya, at pinatunayan nito na tama siya, subali't naroon pa rin siya sa paaralan sa ilang, nakatago sa iba pa sa sanlibutan. Subali't siya ay tinuruan, sinasanay noon, doon sa ilang.

<sup>153</sup> Imumungkahi ng mga kalaban, palagi, ang sistema niya. At tatanggapin naman iyon ng di-pananampalataya, dahil ang kaaway ay ang intelektuwal na tanda.

<sup>154</sup> Ngayon, tandaan, mayroon lamang dalawa. Huwag n'yo itong kalilimutan. May dalawang kapangyarihan lamang. Ang isa ay kapangyarihang espirituwal, ng Espiritu Santo. Ang isa naman ay ang Diablo, na kumikilos sa pamamagitan ng kapangyarihang intelektuwal. Sapagka't, doon siya pumasok, sa halamanan ng Eden, sa pamamagitan ng mga kapangyarihang intelektuwal, upang papaniwalain si Eba sa kaisipang intelektuwal, na laban sa Salita. Sadyang napakalinaw nito, mauunawaan 'yan ng mga bata. Kita n'yo? Kita n'yo? At ganoon na ito noon pa man, tuluy-tuloy hanggang sa huli.

<sup>155</sup> Heto ito, sa Egipto, ngayong umaga. May isang kapangyarihang intelektuwal na kumikilos kay Raamses, na siyang nagluluklok sa kaniya sa kapangyarihan. At iniluluklok siya, na hindi nakakakilala sa kalayaan upang payagan kung ano ang nagawa na noon ni Jose, kung ano ang nagawa na noon ng iglesia sa pasimula.

<sup>156</sup> At ngayon nakikita natin ang ganoon ding bagay, isang kapangyarihang intelektuwal na naghahabi sa gitna ng mga iglesia, at tumaas na ito sa isang pinuno ng simbahan na walang pakialam sa sinabi ng Biblia. May sarili na silang sistema. Ito ay hindi kung ano ang sinabi ng Biblia. Ito ay kung ano ang sinabi ng iglesia. At ang mga Protestante ay nahahabi na mismo diyan, hanggang sa ang lahat ng kanilang maliliit na mga grupo, para nang ganito, "Buweno, sigurado. Buweno, alam kong sinasabi Nito *Ito*, nguni't sinasabi ko sa inyo, lumipas na ang mga panahong ganoon."

<sup>157</sup> "Anyo ng kabanalan, at tinatanggihan ang kapangyarihan." Bawa't Kasulatan sa Biblia ay direktang nakaturo dito.

<sup>158</sup> Ngayon alam n'yo na kung bakit gusto ko itong iteyp at ipadala ito sa mga tao. Dumating na ang oras. Kailangang maipakilala na ang Katotohanan. Nalalapit na ang exodo. Kita n'yo?

<sup>159</sup> Ang—ang parteng intelektuwal ay tila ba perpektong tingnan. At ito nga ay sakdal, ito'y eksaktong-eksakto; subali't, sakdal, na inspirasyon ni Satanas.

<sup>160</sup> At pagkatapos, sa tuwina, na, itong intelektuwal na Raamses ay lumalaki at papunta na sa trono. At alalahanin, lumaki siya bilang isang kapatid kay Moises, kita n'yo, isang kapatid kay Moises. Kailangang kuhanin ng isa sa kanila ang luklukang intelektuwal, kagaya ni Jose sa kaniyang mga kapatid. At ano ang ginawa nila sa munting si Jose? Inihawalay siya mula sa Salita. Ang Salita ay ang Dios. At inihawalay nila ang Salita, at tinanggap ang isang kredo. At ngayon lumaki na ang kredo sa kapangyarihan.

161 O Dios, hayaang makita 'yan ng mga tao! Papaano pa ba ako gagamit ng tinig? Paano ko ba ito gagawing mas malinaw pa sa pamamagitan ng Mga Kasulatan, sa ilalim ng kasi ng Espiritu Santo, na naririto na tayó?

162 “Oh,” sasabihin mo, “buweno, ngayon, kung galing 'yan kay Papa Juan, o Papa *Ganito-at-ganoon*, o Obispo *Ganito-at-ganoon*!”

Nakikita n'yo ba na kumuha ang Dios ng isang maliit, na dilalang taga-disyerto?

Sasabihin, “Paanong magiging mali ang lahat ng ito?”

163 Nakikipag-ugnayan ang Dios sa isang indibiduwal, hindi sa mga grupo-grupo. Sa indibiduwal; kinukuha ng Dios ang sa Kaniya—sa Kaniya, kinukuha ang sa Kaniya. Ang tanging bagay na kailangan Niyang magkaroon ay isang tao na mapagkikilusan Niya. Iyon lang ang gusto Niya ay isang tao. Sinikap na Niyang kunin sila noon, sa bawa't kapanahunan. Kung makakukuha Siya ng isang tao! Kumuha Siya ng isang tao noong panahon ni Noe! Isang tao noong panahon ni Elias! Isang tao noong panahon ni Juan Bautista. Isang tao lang ang kailangan Niya. Noong panahon ng mga hukom, sinikap Niyang kumuha ng isang tao, si Samson, binigyan siya ng dakilang kapangyarihan, subali't ipinagpalit niya iyon sa isang babae at binulag siya. Iyon ay mga hukom; hindi ganoon. Ang Dios ang hukom. Kita n'yo?

164 Nakita n'yo, sa araw na ito, sinisikap Niyang kumuha ng isang tao na mahahawakan Niya sa kaniyang kamay, na magsasabi ng Katotohanan, na magiging walang-takot patungkol dito, na hindi mag-aatubiling sabihin ang lahat, na hindi dogmatiko; isang tao na maaari Niyang hawakan at maipakita ang Kaniyang Salita na buhay, at maipakita ang Kaniyang Sarili na buhay. Naniniwala akong maihahanda na Niya ang ganoong tao. Naniniwala nga ako. Naniniwala ako rito. Ako lang ay . . . labis na nananampalataya sa Biblia, upang maniwala na makukuha Niya iyon, tama iyon, na magsasabi ng Katotohanan.

165 Matapos ang ilang panahon, napag-aalaman natin, matapos na dumaan sa lahat ng mga paaralang ito. Ngayon masdan. May iminumungkahi ang kaaway, ang kaisipang intelektuwal, dahil sa kumikilos ang kaaway sa mga intelektuwal. At mauupo ang isipan at makikipangatwiran dito, at magsasabi, “Ngayon, saglit lang. Hindi бага, na ang isang konseho . . .”

166 Nakipag-usap ako sa isang tao noong isang araw, at sabi niya, “Tingnan mo, Billy!” Nagtrabaho siya para sa Public Service Company, isang mabait na ginoo. At sabi niya, “May gusto akong itanong sa iyo.” Sabi, “Isa kang Irish.”

Sabi ko, “Opo, ginoo.” Sabi, “Medyo ikinahihiya ko ito, subali't, ganoon pa man, ako nga.”

167 At sabi niya, “Buweno,” wika niya, “hindi mo ba alam na ikaw ay talagang, talagang dapat ay Katoliko?”

168 Sabi ko, “Ako ang orihinal na katoliko.” Alam n’yo, ang unang Iglesya ay ang iglesyang Katoliko.

169 Nakita n’yo na kung saan ito humantong, sa panahong ito? Nag-umpisa ito sa Pentecostes, subali’t inilagay ito ng organisasyon kung saan ito naroon ngayon. Tingnan n’yo, at ang Pentecostes ay bumalik muli at nag-organisa, ginawa ang bagay ng unang iglesyang Katoliko. At sila’y halos ganoon na kalayo sa panahong ito kagaya nila, kung paano sila noon sa loob ng dalawang libong taon. At halos dinala na sila ng limampung taon patungo doon. Kita n’yo?

170 Sabi niya, “Hindi ka ba naniniwala na kapag ang isang grupo ng ekumenikal na mga kaisipan,” hayun na, “ay nagsama-sama at pinangatwiran ang isang bagay, at ang buong grupo ay makasang-ayon, di ba’t sa palagay mo sila lamang ay medyo. . . Dumadalo ako para marinig kang mangaral,” sabi, “subali’t di ako sang-ayon sa iyo.”

171 Sabi ko, “Ang nag-iisang paraan na mapatutunayan mo na ang di mo pagsang-ayon ay makatwiran, ay ang patunayan ito sa pamamagitan ng Biblia.”

Sabi niya, “Walang anumang kinalaman ang Biblia rito.”

172 Sabi ko, “Para sa iyo, maaaring hindi nga Ito. Subali’t, para sa akin, lahat Nito’y may kinalaman dito. Kita mo, ang Salita Ito.”

173 At sabi niya, “Hindi ba sa palagay mo na ang isang grupo ng ekumenikal na mga kaisipan na nagkakatipong sama-sama, ay maaaring maging mas tama, at tiyak ang pagiging tama, kaysa sa isang hamak, na walang pinag-aralang nilalang na kagaya ng sarili mo?” Sabi ko. . . “Buweno,” sabi, “ano’ng kinalaman mo para magsabi ng anumang laban diyan sa bi. . . o laban sa aming—aming iglesya? Gayong, nagkaroon, tuluy-tuloy sa buong kapanahunan, noong idinaos nila ang unang konseho ng iglesya, gaya ng sinabi mo, doon isang gabi, ay narinig namin ito, ang mga kapanahunan ng iglesya, ng konsehong ekumenikal na nagkakatipon sa Nicea, Roma, at binuo ang iglesyang Romano Katoliko.” Sabi, “Hindi mo ba alam na may libu-libong tao, espiritu, mga taong isinugo ng Dios na nasa konsehong iyon? At di ba sa palagay mo na ang kaisipan nila ay mas higit na makakaalam sa kalooban ng Dios, kaysa ang sa iyo rito, matapos na pinatunayan na ng Dios sa haba ng dalawang libong taon na tama ang iglesyang iyon?”

174 Sabi ko, “Hindi pa Niya kailanman pinatunayan iyon.” Sabi ko, “Kung ang iglesyang iyon ay isang Iglesya ng Dios, tingnan natin itong magpakita ng kagaya ng ginawa noon ng unang Iglesya kung ganoon. Tingnan natin itong ipakita ang mga bagay

na ginawa nila noong sinauna. Samantalang, maging ang Biblia ay nagsasabi, na, ‘Wala ni isa mang kudlit o isang tuldok ang mabibigo Rito.’ At sabi Niya, ‘Sino man ang mag-aalis ng isang Salita mula Rito, o magdagdag ng isang salita Rito, ang kaniyang bahagi ay aalisin,’ maging ito man ay konsehong ekumenikal o ano man ito, ‘mula sa Aklat ng Buhay.’ Tapos na siya.”

Sabi, “Billy, sadyang namamali ka lang.”

<sup>175</sup> At sabi ko, “Kung ganoon, sa tingin ko, minsan sa dakilang dangal ng Israel, noong maghiwalay silang gaya ng Protestante at Katoliko sa panahong ito, ginusto ng Israel na manatiling Israel.” Subali’t sabi ko, “Nalaman natin na may hari sila na nagngangalang Josaphat, isang matuwid na tao na nagsumikap na sumunod sa—sa—sa mga kautusan ng Dios. Subali’t may isa pa sila roon na nagngangalang Ahab, na nag-asawa ng isang babae, sa pulitika, sa pagsisikap na makipagkaibigan sa ibang bansa, at pinakasalan ang isa sa mga anak nilang babae, na si Jezebel, at kasamang dinala, rin, siya sa gitna ng bayan ng Dios.” Pareho ng ginagawa natin, at dinadala sa loob. “At siya’y naging pinuno; nagagawang papagsabihin si Ahab ng *ganito*, at papagsabihin si Ahab ng *ganoon*.” Pareho ng ginagawa nila ngayon. At sabi ko, “Dumating na ang pagtutuos.”

<sup>176</sup> Gusto nilang pagkaisahin ang dalawang iglesya, kagaya ng sinisikap nilang gawin ngayon. At—at kay Ahab. . . At maging ’yung si Josaphat, na taong maka-organisasyon, sabi, “Oo. Magiging mainam iyan. Ang bayan mo ay bayan ko. Cristiano tayong lahat. Mananampalataya tayong lahat. Magsama-sama tayo.” Subali’t noong makarating siya sa pagtutuos, sabi niya, “Di ba sa palagay n’yo dapat tayong dumulog sa panalangin patungkol dito? Dapat tayong sumangguni sa Panginoon.”

At sabi nito, “Oo,” sabi ni Ahab.

Kaya sabi niya, “Ganito na lang. Hanapin natin ang propeta ng Panginoon.”

<sup>177</sup> Subali’t, nakita n’yo, may sistema si Ahab na inakala niyang sa Panginoon. Sabi niya, “Mayroon akong apatnaraan nila, mga may pinag-aralan at bihasa.” At nag-aangkin sila na mga propetang Hebreo, kagaya ng ginagawa ng mga grupo ng mga ministro sa panahon na ito.

<sup>178</sup> At inilabas nila sila, at tinanong sila tungkol sa—sa kahihinatnan ng labanan. At bawa’t isa sa kanila ay nagsama-sama at nagkaisa, kagaya ng ginagawa ng konsehong ekumenikal ngayon, at nagkaroon sila ng tugon sa tanong. “Umahon ka. Ang Panginoon ay sumasa iyo, sapagka’t sa atin talaga ang lupaing iyon. At itulak ang mga taga-Siria palabas doon, o ang mga Filisteo. Itaboy sila, dahil pag-aari natin ang lupaing iyon.” Parang makatuwiran talaga ang dating niyon. Kita n’yo?

<sup>179</sup> Subali't, gayunman, sa kaibuturan ng puso ni Josaphat, tila hindi iyon tama. Sabi niya, "Alam kong may apatnaraan kang sinanay nang mabuti na mga ekumenikal na ministro diyan. At silang lahat ay nagkakaisa, maging hanggang sa gumawa sila ng isang pares ng sungay na bakal at nagsabi, "GANITO ANG SABI NG PANGINOON." Subali't maaari ba tayong humanap ng isa pa?"

<sup>180</sup> Sabi niya, "Huwag sabihing gayon ng hari," sinabi ng pulitiko. "Huwag sabihing gayon ng hari, sapagka't ang mga lalaking ito ay sinanay na mga lalaki. Ako mismo ang nagsanay sa kanila." Iyon na 'yon. Kita n'yo? Iyon na 'yon. "Sinanay ko ang mga lalaking ito. Subali't, may isa pa, nguni't kinapopootan ko siya." Kita n'yo? Sabi, "Iyon si Micaya, na anak ni Imla, nguni't," sabi, "kinapopootan ko siya. Siya'y wala nang iba pa kundi isang mapaghimagsik sa gitna nila. Lagi niya silang sinasaway. Lagi niyang sinasabi sa akin na mali ako. Tingnan mo nga ang kaharian ko." Siyanga, tingnan n'yo ito, tingnan kung gaano ito kagulo.

<sup>181</sup> Tingnan n'yo ang inyong denominasyon, sa araw na ito, "May anyo ng kabanalan at itinatangi ang kapangyarihan nito." Kita n'yo? O maaaring milyon pa kayong higit, at isang libo pa kayong higit, at mas bihasang mga tao, subali't saan kayo naroon sa Espiritu? Saan naroon ang inyong lakas, ang kay Samson noon, noong tumayo siya roon, gaya ng sinabi ko noong isang araw? Taglay ang malaking pangangatawan niya doon, at bawa't hibla doon, nguni't walang Buhay rito. Iniwanan na siya ng Espiritu. Wala na siyang magawa. 'Yung batang paslit ay inaakay-akay na siya noon; bulag na ang mga mata, dahil sa isang kung sinong babae. Kagaya nga ng iglesya, sa araw na ito, na akay-akay ng pulitika, ng mga obispo, ng mga matatanda, at lahat na ng klase ng mga ganung bagay. Mga kalalakhian na humahatak ng kung anong karangalan, para pagpugayan pa ang kanilang katayuan, at lahat na. Nasaan na ba tayo, kaya nakarating tayo sa punto na ito?

<sup>182</sup> Nagsugo sila at sinundo si Imla, o ang...hindi si Imla; kundi si Micaya, na anak ni Imla. Nagsugo at sinundo siya. At nagpropesiya siya at sinabi sa kanila na mapapatay si Ahab kung magtutungo siya roon.

<sup>183</sup> At sinampal siya ng arsobispong iyon sa bibig. Tapat ito tungkol rito. Sabi nito, "Saan nagtungo ang Espiritu ng Dios nang umalis Ito sa akin?"

Sabi, "Makikita mo." Uh-huh. Uh-huh.

<sup>184</sup> Sabi, "Ilagay siya sa bilangguan. Ipasok siya sa kaloob-loobang bilangguan. Pakanin siya ng tinapay ng kadalambahatian, at tubig ng kadalambahatian. At kapag bumalik ako na payapa," sabi, "ako na ang bahala sa taong ito."



185 At, si Imla, nalalamang matuwid siya sa Dios! Bakit? Ang pangitain niya ay kahalintulad ng sa Salita. Isa siyang propeta. At ang kaniyang espiritu at ang kaniyang pangitain ay katulad ng sa propeta, na si Elias. Sabi niya, “Kung ikaw ay makabalik nga, sa anumang paraan, kung ganoon ang Dios ay hindi nagsalita sa akin.”

186 Ngayon, sabi ko sa lalaking ito, “Alin ang tama, ’yung konsehong ekumenikal kung saan apatnaraang hinirang na mga tao ang naupo nang sama-sama, hinirang ng mga tao, o ’yung isang hamak na rebelde na hinirang ng Dios?”

“Buweno,” sabi niya, “buweno, paano mo malalaman ang kaibahan?”

187 Sabi ko, “Pabalik sa Plano!” Paano natin malalaman kung paano itatayo ang isang gusali maliban na may plano?

188 Kung huminto lang sana sila saglit, at inalam na ’yung propeta, na si Elias, ay isinumpa si Ahab, at nagsabi, “Hihimuran ng mga aso ang kaniyang dugo.” At ginawa nga ng mga iyon. Paano niya pagpapalain ang isinumpa na ng Dios?

189 Paano mo pagpapalain ang anumang bagay na isinumpa na ng Dios? Lumabas kayo sa bagay na iyan. Lumayo kayo diyen. Pumasok kayo kay Cristo. Amen.

190 Ngayon pansinin. Subali’t, magmumungkahi ang kaaway. Ang kaaway ay maglalayon ng isang bagay, ihahanda ito, at sasabihin ng kaisipang intelektuwal, “Tama ’yon.”

191 Doon ay kung saan naroon ang minamahala na kapatid na ito. Ang taong ito, sabi niya, “Tila ba . . . Tingnan mo. Alam mo, na, kung lahat tayo ay magsasama-sama, bilang isang iglesya, di ba’t sa palagay mo mas makabubuti sa atin kaysa hiwa-hiwalay kung paano tayo ngayon?”

192 Di ba’t makatwiran ang dating niyan, na kung ang lahat ng mga Protestante at mga Katoliko ay magkakasama-sama at magkakatagpo-tagpo sa iisang layunin? “Subali’t paano makalalakad ang dalawa liban na sila’y magkasundo?” Paano ninyo magagawa, gayong ang isang grupo *dito* ay hindi naniniwala sa pagpapagaling, ’yung *isa* ay nagsasabing naniniwala nga sila, ’yung *isa* naman ay inilalagay ito sa ibang panahong nakalipas na? Ni hindi nga naniniwala ang iba sa Biblia. At pagsama-samahin mo ’yan, ano na’ng mayroon ka? Ang Dios ay hindi may-akda ng kaguluhan.

193 Bago mailagay ng Dios ang Kaniyang Iglesya sa kaayusan, naghintay sila ng sampung araw at gabi, hanggang sa silang lahat ay naging “nasa iisang dako, na nagkakaisa.” At doo’y dumating ang Espiritu Santo upang manguna, hindi isang kung anong konsehong ekumenikal. Kita n’yo? Umaasa akong nakukuha ninyo ito. Pansinin.

<sup>194</sup> Iyon ay ang di-mananampalataya, hindi tapat sa Salita ng Dios, na hindi napapansin kung ano ang sinasabi ng Salita, kundi pinapansin ang sarili mong pangangatwiran. Ganiyan ang ginawa ni Eba, sa una pa lang. Umasa siya sa kaniyang pangangatwiran.

<sup>195</sup> Sinabi ni Satanas, “Ngayon, tingnan mo. Hindi ba’t makatwiran ito? Alam kong sinasabi *Iyon* ng Salita. Subali’t, sandali lang, hindi ba’t makatuwiran lang na—na higit na mapapabuti ka kung alam mo ang tama sa mali?”

“Aba, oo nga.” Saka niya iyon tinanggap. Sigurado.

<sup>196</sup> Ganiyan nga sa pangangatwiran. Ngayon, ang di-pananampalataya ay laging nananangan sa mga pangangatwiran, subali’t hindi iyon pakikialaman ng pananampalataya.

<sup>197</sup> Tiyak na hindi naging makatwiran para sa ating ama; kung saan ang ama natin sa pananampalataya, na si Abraham, na tayo ang mga anak niya sa pamamagitan “kay Cristo.” Tiyak na hindi naging makatwiran na ang isang babae na animnapu’t limang taong gulang na, at kasama niyang namuhay, magmula pa noong ito’y isang bata pang babae, ay hindi magkaanak? At noong isandaang taong gulang na ito, o siyamnapu, at siya naman ay isandaan, at wala pa ring anak. Hindi ba ang katwiran, ’yung ilang magagaling na kawani na mga doktor at agham ay susuriin si Sarah? Sabi, “Aba, tuyo na ang sinapupunan niya. Ang mga daluyan ng gatas ay tuyo na, apatnapung taon na ang nakararaan. Ang puso niya, sa ganoong edad, hindi na siya puwedeng manganak.” Aba, mga pangangatwiran lang ’yan.

<sup>198</sup> Subali’t tinanggihan iyon ni Abraham. “Hindi siya nag-alinlangan sa pangako ng Dios, sa pamamagitan ng di-pananampalataya. Laban sa mga pangangatwiran, hindi siya nag-alinlangan sa pangako ng Dios, kahit na ano pa man iyon. Sapagka’t siya—ibinilang niyang kaya ng Dios na gawin ang lahat ng sinabi Niyang gagawin nga Niya.”

<sup>199</sup> Ngayon, nasaan na ang mga anak ni Abraham sa umagang ito? Kayong mga ministro na takot, takot kayo, sa inyong tinapay at tubig, sa lansangan, kung iiwan n’yo ’yang Babilonia. Nasaan na ang pananampalataya ninyo? Sabi ni David, “Dati ako’y bata, at ngayo’y matanda na ako. Hindi ko pa kailanman nakita na ang matuwid ay pinabayaan, ni ang Kaniyang Binhi na namamalimos ng tinapay.” Huwag kayong matakot. Manatili kayong tapat kay Cristo.

<sup>200</sup> Subali’t manghahawakan ang di-pananampalataya sa pangangatwiran. Iyon nga ang ginawa nito. Ngayon naunawaan n’yo na ba? Nakasalig ang kawalang pananampalataya sa pangangatwiran, sa mga bagay ng kasalukuyang panahon. Hindi iyon gagawin ng pananampalataya.

201 Nakatingin ang pananampalataya sa Salita. Subali't inilalagay ng pananampalataya ang sarili nito sa di-natitinag na Bato, ang Walang Hanggang Salita ng Dios. Amen. Hindi tumitingin ang pananampalataya sa pangangatwiran. Wala akong pakialam kung gaano mo man maipakita na ito'y magiging mas mainam. Kung sinasabi ng Salita na "hindi," nananangan doon ang pananampalataya. Iyon ang santuwaryo ng dakong pahingahan ng pananampalataya.

202 Gusto kong tanungin kayong mga Lutheran, sa umagang ito, kayong mga Baptist, at kayong mga Katoliko, at kayo, anuman kayo, kayong mga taong maka-denominasyon sa buong mundo. Papaano n'yo mailalagak ang pananampalataya ninyo sa inyong denominasyon, gayong taliwas naman iyon sa Salita? Anong uri ng pananampalataya ang mayroon kayo? May taglay kayong kapangyarihan ng pangangatwiran, at hindi pananampalataya. "Sapagka't ang pananampalataya ay nanggagaling sa pakikinig," pakikinig sa konsehong ekumenikal? Magagawa ba ninyo...Sabi, maaaring makuha n'yo 'yan sa Old Ladies Birthday Almanac, subali't hinding-hindi n'yo matatagpuan iyon sa Salita ng Dios.

203 "Ang pananampalataya ay nanggagaling sa pakikinig, at ang pakikinig ay sa pamamagitan ng Salita ng Dios." Amen. Sabihin mo sa akin na makapagsasalita ang isang tao ng anumang taliwas Diyan, at sabihing ito ang Salita ng Dios. Gayong, "Ang mga langit at lupa ay lilipas, datapuwa't ang Salitang iyon ay hindi."

204 Nasusumpungan ng pananampalataya ang Salita bilang santuwaryo nito ng kapahingahan. Kumikilos ito doon sa ibabaw niyaong Walang Hanggang Bato, na si Cristo Jesus, ang Salita, at nahihimlay doon at namamahinga. Hayaang dumaluyong ang mga hangin. Hayaang mangyugyog ang mga bagyo. Siya ay ligtas, magpakailan pa man. Nagpapahinga siya doon mismo sa Salitang iyon. Doon ay kung saan ang pananampalataya, dalisay na maka-Cristianong pananampalataya, ay namamahinga. Ang Salita ang dakong pahingahan, sapagka't alam nito na patutunayan ng Dios ang Kaniyang Sarili kailanman bilang pinakamakapangyarihan, sa lahat ng Kaniyang mga kaaway. Kahit na gaano pa man ito tila hindi maganda, at gaano pa man nakapasok ang kaaway, at gaano pa man magmistulang talunan ka na, alam pa rin ng pananampalataya.

205 Ngayon, sa inyo na mga taong maysakit, oh, gaano ko kagustong ipagdiinan ito nang husto! Kapag nakuha ninyo ang pananampalatayang iyon, na gagaling kayo; bawa't—bawa't kondisyon, lahat ng iba pa, lahat ng mga tanda, lahat ng mga sintomas ay makapagpapakitang malapit ka nang mamatay, hinding-hindi ka matitinag! Ang dakong pahingahan nito ay sa santuwaryo ng Salita ng Dios, kapag ang pananampalataya, ang tunay na pananampalataya ay nananahan na mismo doon. Hindi

pakunwaring-pananampalataya ha; pananampalataya. Hindi pag-asa; kundi pananampalataya. *Narito* sa labas ang pag-asa, na umaasang sana'y nasa loob ito. Ang pananampalataya naman ay nasa loob na, nakatingin sa labas, at nagsasabi, "Tapos na ito." Kita n'yo? Iyan ang pananampalataya. Doon nagpapahinga ang pananampalataya, sapagka't alam nitong ang Dios ay talagang hindi, hinding-hindi hahayaan ang kalaban na magapi siya. Hindi pa niya ipinahintulot 'yun. Alam 'yan ng pananampalataya, kaya nga, maging kahit na ano pa ang lagay ng naturang bagay.

Alam ni Noe na lulutang ang daong na iyon. Kita n'yo? Tiyak nga.

Alam ni Daniel na kayang isara ng Dios ang bibig ng mga leong iyon.

Alam ng mga anak na Hebreo na kayang pigilan ng Dios ang apoy na iyon.

<sup>206</sup> Alam ni Jesus na ibabangon Siyang muli ng Dios, dahil sa sinabi ng Salita, "Hindi Ko iiwan ang Kaniyang kaluluwa sa sheol, ni hindi Ko titiisin na Ang Aking Banal ay makakita ng kabulukan." Alam Niyang ang pagkabalok ay mangyayari sa loob ng pitumpu't dalawang oras. Sabi Niya, "Sa loob ng tatlong araw ay babangon Akong mag-uli." Kita n'yo? Walang Hanggang nagpahinga ito sa santuwaryo ng Salita ng Dios, at doon na ito nanatili.

<sup>207</sup> Susubukan ng pangangatwiran ang lahat ng magagawa nito na makilala na, "Buweno, *itong* sistemang ito ay tiyak ngang magiging mas mainam. *Ito* Iyan." Mas mukhang mainam ito dahil tumitingin ka sa pamamagitan ng intelektuwal na kaisipan. Mapatutunayan mo ang mga pangangatwiran.

<sup>208</sup> Subali't hindi mo mapatutunayan ang pananampalataya. Pagka't, kung mapatutunayan mo ito, hindi na ito pananampalataya. Subali't ang alam lamang ng pananampalataya ay tanging ang Salita at ang pangako, at tumitingin ito doon sa bagay na hindi mo nakikita. "Ang pananampalataya ay siyang kapanatagan sa mga bagay na hinihintay, ang katunayan ng mga bagay na hindi nakikita." Hindi ka maaaring mangatwiran. Hindi ko mapatutunayan kung paano ito maisasagawa. Hindi ko alam kung paano ito magagawa. Hindi ko ito alam, subali't pinaniniwalaan ko ito. Alam kong ganoon nga ito, dahil sa sinabi iyon ng Dios. Iyon na iyon.

<sup>209</sup> 'Yan ang dahilan kung bakit alam kong tama Ito. Alam kong tama ang Salita. Alam kong tama ang Mensahe, dahil sa Ito'y nasa Salita. At nakikita ko ang Buhay na Dios na kumikilos sa gitna Nito, upang magpatunay. Tayo'y nasa isang exodo, tiyak ngang totoo.

210 Maging kamatayan mismo ay hindi kayang yanigin ang pananampalataya. Sadyang tumatayo ang mga tao mismo sa kamatayan, sa . . . mismo sa harapan ng kamatayan, at isinisigaw ang tagumpay ng muling pagkabuhay. Si Pablo, “O kamatayan, saan naroon ang iyong tibo? Libingan, saan naroon ang iyong pagtatagumpay?” Kita n’yo? “Sapagka’t, si Cristo ay nagbangon, at ang mga na kay Cristo ay paroroong kasama Niya sa Kaniyang Pagparito.” Kita n’yo? Hindi ito maaaring mabago. Siyanga.

211 Ginagawa ng pananampalataya ang Salita ng Dios na santuwaryo nito sa Walang Hanggang kapahingahan nito. Nahihimlay ito sa Salita ng Dios. Pansinin, muli.

212 Ngayon, may kaunting panahon na lang tayo, mga dalawampu’t limang minuto, kung kayo—kung ayos lang sa inyo. [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Ako—nais kong ipagpatuloy ang teyp na ito, panandali lamang.

213 Pansinin ang hari, ang bagong hari na iyon na lumitaw, na hindi nakakakilala kay Jose. Ano ang unang balak niya, upang sirain ang kapangyarihan ng Israel? Ay sa kanilang mga anak. Tama ba? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Sinubukan niyang lipulin ang kanilang mga anak. Ngayon makinig nang mabuti. Ang siya ring Diablo, sa ibang anyo lamang ng pagkahari, ay sinikap na patayin ang bugtong na Anak ng Dios. Kita n’yo? “Patayin ang mga bata, muna, bago sila makapag-umpisa.” Ang Diablo ay isang talagang magaling, na tusong ibon. Alam niya kung paano tamaan ’yung bagay bago pa ito makapag-umpisa. Alam niya ’yon. Kita n’yo?

214 At ang tanging bagay lang na magagawa mo, para matalo mo siya, ay ang umasa kay Cristo, at ika’y magpakumbaba at hayaan Siyang pangunahan ka. Kita n’yo? Hinding-hindi mo ’yon magagawa sa anumang iba pang paraan. Hinding-hindi ’yun kakayanin ng iyong kapangyarihang intelektuwal. Kailangang paniwalaan mo iyon. Umasa lamang sa Kaniya. Siya ang Pastol. Hindi trabaho ng tupa na itaboy ang mga lobo. Trabaho ’yun ng pastol. Subali’t kailangang manatili ang tupa na kasama ng pastol, upang manatiling ligtas. Iyan ang ligtas kong dako, ay kay Cristo; at si Cristo ang Salita. Iyan ang ligtas na lugar.

215 Pansinin. Ang Diablo, sa anyo ni—ni Raamses, na isang hari, ang unang bagay na ginawa niya ay pinatay ang mga bata, sa pamamagitan ng natural na kamatayan. At pagkatapos na pagkatapos na maisilang ang Anak ng Dios . . . Siya ay lumipat mula sa Egipto, pagka’t nilipol na noon ng Dios ang Egipto, isinumpa ito. Hindi na iyon nakabangon pang muli, mula noon. Pagkatapos ay nasa Roma na siya; inilipat ni Satanas ang kaniyang—ang kaniyang luklukan sa Roma. At ang unang bagay na ginawa ng Roma, upang sirain itong lahat, upang makuha, makatiyak; ang Diablo, sa Romanong sistemang iyon, sinikap na

sirain (ang ano?) ang Anak ng Dios, unang-una pa lang. Ang siya ring Diablo!

<sup>216</sup> At, sa araw na ito, ginawa rin niya ang siya ring bagay, sa ilalim ng tanda ng espiritu ngayon, relihiyoso, nag-aangkin ng Cristianismo, at kinukuha ang ating mga kabataang babae at ipinapakasal sila sa mga Katolikong lalaki, at nagagawa silang palakihin ang kanilang mga anak na Katoliko, upang sirain ang kapangyarihan ng kabilang panig. Hayan nga ang inyong demonyo. Hayan ang Diablo n'yong nakaupo sa pitong burol, na nakasuot ng tripleng korona, sadyang napakamapanlinlang at tuso, matalino, intelektuwal na kagaya ng serpiyente; ang binhi ng serpiyente, ang kaniyang mga anak, na ginagamit ang gayon ding intelektuwal na mga pamamaraan. Tingnan.

<sup>217</sup> Pagkatapos ay pinapatay nila ang mga bata, doon sa iba pang dalawang beses. Pinapatay nila ang mga bata sa pamamagitan ng ano? Dalawang beses. Ngayon tandaan, masdan ninyo 'yung dalawa, at silang tatlo. Kita n'yo? Pinatay niya ang mga bata, sa unang dalawang beses, sa natural na kamatayan. At nitong huling pagkakataon, kinukuha na niya ang mga anak at pinapatay sila sa pamamagitan ng espirituwal na kamatayan, ipinapakasal, sa pinaghalong kasalan.

<sup>218</sup> Hindi ba't sinabi ni Daniel ang ganoon ding bagay, sa kahariang ito ng bakal at putik na luto, na paghahaluin nila ang mga binhing 'yan, sa pagsisikap na sirain ang kapangyarihan nung ibang tao? At 'yan ang ginagawa nila, hanggang sa makamit na nila ngayon 'yung naturang bagay. May naipasok na silang presidente. Ngayon, ang susunod na bagay na kailangan mong gawin, ay maglagay—ay ipasok ang kardinal. Ilagay ang buong gabinete sa loob, at tapos ano na ang gagawin mo?

<sup>219</sup> Ang kasunod na bagay na gagawin nila, kukunin nila ang kanilang pera at—at babayaran ang utang ng Estados Unidos, at utangin ito mula sa simbahan, at kung magkagayon ay naibenta na kayo. Ngayon, tayo'y—tayo'y nabubuhay ngayon, na binabayaran ang pagkakautang natin sa ibang bansa doon, na gamit ang pera sa buwis na hindi naman mababayaran hanggang sa lumipas na ang apatnapung taon. Wala na tayong salapi. Subali't meron nito ang simbahan. Hindi ba't sinasabi ng Biblia, “Siya ay nahihiyasan ng ginto”? At, oh, naku! Nguni't kayo. . .

<sup>220</sup> Ganoon nga ang ginagawa nito, kita n'yo, pakasalan ang inyong mga anak na babae, mga anak na babae ipinapakasal sa inyong mga anak na lalaki, pinapalaking Katoliko ang mga anak n'yo, eksakto, na pinapatay sila sa pamamagitan ng espirituwal na kamatayan. Hindi ba't sinabi ng Biblia, na, “Kaniyang itatapon siya sa highaan ng kamunduhan, at papatayin ang mga anak niya sa pamamagitan ng kamatayang espirituwal”? Apocalipsis 17. Kita n'yo?

221 Ito'y laging ang Salita. Wala akong pakialam saan man kayo magpunta, ito pa rin ang Salita. Kailangan itong lumapat mismo sa larawan. Kung hindi, hindi ito ang Salita, hindi ito ang Salita. Kung hindi n'yo ito mapalapat nang tuluy-tuloy hanggang sa dulo ng Biblia, kung ganoon mali ito.

222 Tingnan. Sa naturang panahong ito, sinasanay noon ng Dios ang Kaniyang lingkod para sa kaniyang gawain. Sinasanay siya, sa di abot ng kanilang paningin, di saklaw ng kanilang plano, ng kanilang mga balak. Nakukuha n'yo ba ito? Labas sa kanilang maka-organisasyong sistema, sinasanay noon ng Dios ang isang tao para sa Kaniyang layunin. Pinababayaan lang Niya itong magpatuloy. Hinayaan siyang mag-asawa, at magkaroon ng asawa't mga anak, anak na si Gersom. Namumuhay siya noon ng isang napakagandang buhay, na pinagpapala siya roon. Subali't, sa buong panahong iyon, ay Kaniyang inihahanda siya, sinasanay siya.

223 Ang Dios at ang Kaniyang kaaway ay gayun nga, sa natural noon, kagaya ng ginagawa ngayon ng Dios at ng Kaniyang kaaway sa espirituwal. Pinatay nila sila sa pamamagitan ng natural na kamatayan; ngayon sa pamamagitan naman ng espirituwal na kamatayan. Kita n'yo? Ang Dios ay may inihahanda noon na isang tao sa natural, ang Kaniyang propeta, upang magtungo sa Egipto. At si Satanas ay may inihahanda namang isang Raamses, ang kaniyang tao sa natural, kita n'yo, inihahanda ang isang tao sa natural (ano?) upang pumatay, o pagkaisahin ang lahat ng mga Egipcio at mga Hebreo nang sama-sama, gawin silang maglingkod pa rin sa kanila.

224 Kaya naman napakahirap para sa isip na mangatwiran laban sa isang sistemang maka-edukasyon na mapatutunayan ang mga punto nito. Kita n'yo? Tama 'yon. Ang isip nito ay laging mapupunta sa edukasyon. Ang mga intelektuwal at ang mapangatwirang kaisipan ay ni hindi man lang nakikita Ito.

225 Napanood n'yo ba 'yung kay Cecil DeMille na *Ten Commandments*? Palagay ko'y marami sa inyo ang nakapanood niyon. Hindi ako pabor sa pagpunta sa mga sinehan, lahat ng mga ganitong bagay. Subali't inirekomenda ko sa iglesya, na kahit sino, kung wala silang iba maliban doon, na gustong makita iyon, ayos lang kung gusto nilang makita iyon. Dahil sa, hindi ko hahayaan. . . Una, ilan sa mga kapatiran ko ay nagtungo. Nagpunta sila, sinasabi sa akin. Maraming taon na akong di nagpupunta sa kahit isa. Sa wakas, nagtungo ako rito, noong naroon ito sa isang drive-in na ito. Pinanood ko iyon. Nakita ko kung ano iyon. Saka ko sinabi sa iglesya, "Kung gusto n'yong pumunta't mapanood 'yon, ayos lang ito." Hayun nga iyon. Iyon ay kalugud-lugod, ang ganda.

226 Kung paanong ang pandarayang iyon ng Diablo, gaano siya katuso doon, kung paanong siya—kumilos siya roon upang

patayin 'yung mga bata. At kung paanong nakuha iyon ng kaisipang intelektuwal at pinaniwalaan 'yon, dahil nakikita nila iyon! Iyon ay makatwiran. Oh, gaanong ang Dios, sa buong panahong iyon, ay sinasanay ang propetang ito! At kung paanong nagsasanay ang Egipto, sa pulitika, itong si Raamses, para maghari na! At pagkatapos dumating na ang malaking pagtutunggalian, isang araw, sa pagitan ng kapangyarihang intelektuwal at ng espirituwal. At si Raamses, sampu ng lahat niyang mga dios-diosan, ay nakatayo roon at nagbubuhos ng tubig, para—para humiling ng pabor sa dios ng Nile. Hinagupit siya ng Dios, at tumilamsik mula sa kaniya ang dugo. Nagkaroon siya . . . Oh, ako—sa tingin ko 'yun ay napakaganda, kita n'yo, na makita kung ano ang nangyari. Oh!

227 Ngayon pagmasdan. Ang intelektuwal ay laging nananangan sa pangangatwiran. At hindi nito makita ang bahaging espirituwal, dahil sa intelektuwal ito. Oh, maging sa anumang ibang panahon! Hindi nila ito makita sa araw na ito.

228 Hindi nila iyon makita noong panahon ni Elias. Paanong ang isang ito na matandang itsurang di-mawari na propeta . . .

Patawarin ako ng Dios sa pagsasalita ng ganiyang bagay. Subali't ako—nakaligtaan kong gawing . . . At alam ng Dios na sinisikap ko itong gawing—gawing katawa-tawa hangga't makakaya ko, upang makita n'yo ang—ang Espiritu ng Dios.

229 Katulad ng sinabi ni Pablo, “Hindi ako naparito sa inyo, na nagsasalita ng mga salitang panghikayat at karunungan, pagka't matatangay ang inyong mga isipan patungo sa karunungan. Kundi pumaparito ako taglay ang kapangyarihan ng Espiritu Santo, upang ang inyong—upang ang inyong—ang inyong—ang inyong pag-asa at pagtitiwala ay manangan, hindi sa karunungan ng tao, kundi sa kapangyarihan ng pagkabuhay na mag-uli ni Jesus Cristo.”

230 Kaya nga ginagawa ko itong labis na katawa-tawa, sa pamamagitan ng pagtawag sa dakila't banal na propeta, “na may itsurang di-mawari.” Dahil sa, marahil siya ay isang—isang masagwang pagmasdan, ang tumayo, sa tabi ng isang saserdoteng nakabihis nang marangya, at tawagin ang sarili niya na isang tao ng Dios.

231 Tingnan n'yo siya. Makikita mo ang kabanalan ng saserdoteng iyon, sa kaisipang intelektuwal. Makikita mo 'yung turbante sa ulo niya, at 'yung nakapihit . . . at 'yung efod na nakalagay sa kaniyang dibdib *dito*. Makikita mo 'yung langis na pampahid, na natural, sa balbas niya, na tumutulo hanggang sa laylayan ng kaniyang damit. Makikita mong nagliliyab ang mga apoy na panghain, at ang lahat ng mga ritwal na nasa kaayusan. Ngayon, iyon marahil ang tinungo ng kaisipang natural.



232 Ganiyan ang sinisikap nilang gawin sa araw na ito, ang mata, ang pintuan tungo sa kaluluwa. Subali't, nakita n'yo, yaong espirituwal na mata doon sa matang iyon!

233 Tiningnan nila itong matandang lalaking may itsurang dimawari na nakatayo doon, may mga buhok sa dibdib niya; at isang makapal, na malaking piraso ng balat ng tupa ang nakabalot sa kaniya, na yari sa balat, isang bigkis sa kaniyang balakang, na may, marahil walang panyapak, munting matandang payat na mga braso, 'yung laman ay nakalaylay sa banda *rito*; at may isang puti, na umaalong balbas sa buong mukha niya; at isang baluktot na tungkod sa kamay niya, nakatayo roon. Subali't nakikita ng matang espirituwal ang kapangyarihan ng Dios na kumikilos doon, pagka't 'yun ay eksakto sa Salita. Hindi kung ano ang nakikita ng isip; kung ano ang nakikita ng matang espirituwal!

234 At ang—ang matang natural, ngayon, ay nakikita ang isang marangyang simbahan, ang pakikisama sa alkalde ng siyudad, o—o kung ano pa, dito sa organisasyon ng mga denominasyon. At nabibigo silang makita ang kapangyarihan ng Espiritu Santo, kahit na nagagawa Nitong buhayin ang patay at pagalingin ang maysakit. At—at—at paano. . . Kita n'yo? Sila, tumitingin sila, at pinanonood nila ang Hollywood, at pinagmamasdan nila ang mga tao sa lansangan.

235 Ang mga kababaihan, sa araw na ito, ay iniisip, “Buweno, ang babaeng *ito*, na si Susie, kaanib siya sa iglesya. Pinaputulan niya ng maiksi ang kaniyang buhok. Naglalagay siya ng makeup. Lahat sa bayan ay gustong-gusto siya.”

236 Iniisip ko paano naman kaya sa Langit? Kita n'yo? Kung salungat ito sa Salita, hindi ito maaaring pagtibayin ng Dios. Siya, Kaniyang pagtitibayin ito na laban sa Sarili Niya. Itatakwil Niya ang Kaniyang Sariling Salita. At dapat n'yo itong malaman, na hinding-hindi 'yan gagawin ng Dios, kahit pa ang mga langit at lupa ay lumipas. Ang isang babaeng may maiksing buhok ay isang sumpa, sa paningin ng Dios, o kaya ay isang babaeng magsusuot ng damit na para sa lalaki. Kita n'yo? Nauunawaan Ito ng espirituwal na mata; nabubuhay sila para sa Kabilang Buhay. Nabubuhay ang natural na kaisipan upang pangatwiranan ang mga bagay na makalaman sa umiiral na panahon.

237 Pansinin ngayon, ginagawa ng Dios ito, at ganoon pa man di ito alam ng mga tao. Nananangan ang makalaman na kaisipan sa pangangatwiran. Tumatawag ngayon ang Dios para sa isang espirituwal na exodo. Kung saan tumawag Siya noon ng natural na exodo para sa Kaniyang bayan, tumatawag Siya sa araw na ito ng isang espirituwal na exodo, sa (Kaniyang ano?) Kaniyang Mga Hinirang, sa Mga Hinirang lamang Niya.

238 Ngayon, hindi makita noon ng Egipto na tama ang Israel, bagama't ang dugo ng kordero ay nasa pintuan na at sa itaas ng pinto, at ang mga bagay na noo'y nagaganap na.

239 At ang Dios doon, na kumikilos sa propetang ito, at ginagamit ang pananalita ng isang tao. Pinatayo siya sa itaas doon, at kumuha ng isang—isang tungkod na pinaghihiligan niya, at iniunat sa gawing silangan, at nagsabi, “Magkaroon ng mga langaw, at bumugso sa mga taga-Egipto.” Lumakad pabalik doon.

At lahat ay nagsabi, “Walang nangyari. Walang nangyari.”

240 Subali't sa kaunting sandali lang, isang matandang berdeng langaw marahil ang nag-umpisang magpaikot-ikot. Matapos ang ilang sandali, ang mga 'yon marahil ay dalawang libra kada isang yarda kwadrado na, na ang isang tao ay sinalita ang paglalang at lumitaw nga.

241 May intelektuwal na Raamses noon na nakatayo roon, na sumasalungat; isang napakarelihiyosong tao, at laban sa Espiritu ng buhay na Dios. At ang nakikita lamang ng natural na mata ay si Raamses. Subali't nakita na ng kaisipang espirituwal ang pangako, at nakita itong natutupad na.

242 Buweno, kung matatawag nina Josue at Caleb 'yung mga Amalecita, at mga Heveo, at mga Jebuseo, na tila baga wala sila roon, bagama't dalawang beses, o tatlo o apat na beses na laki nila. At ang kaisipang natural, sa cades-barnea, noong pumaroon ang naturang mga tiktik, sabi, “Ah, hindi natin ito kaya. Tayo. . . Sila'y—sobrang laki nila. Buweno, tayo'y tila—tila ba mga tipaklong tayo, sa tabi nila.”

243 Subali't nakita nina Caleb at Josue ang pangako ng Dios, sabi, “Kayang-kaya natin itong gawin.” Bakit? Kanilang tinitingnan ang, “Sinabi ng Dios, 'Ibinibigay Ko sa inyo ang lupain.’” Kita n'yo? Hindi 'yun nauunawaan ng kaisipang laman. Napag-uunawa ito ng kaisipang espirituwal.

244 At bakit? May gusto akong itanong sa inyo. Bakit hindi nakita ng mga Egipcio ang mga bagay na ito? Dahil hindi sila pinili. Sinabi ng Dios kay Abraham bago pa ito nangyari. Unawain n'yo ito, kayo na natutulog na iglesya! Sinabi ng Dios kay Abraham bago ito nangyari, “Ang iyong binhi ay makikipamayan sa—sa Egipto, sa loob ng apatnaraang taon, at ilalabas Ko sila.” Iyan ang dahilan kaya't nakita nila ito, dahil sila'y pinili para makita ito. Sila ang pagkahirang. Hinirang ang Israel upang makita ang tanda ng Dios, at lumabas sila sa Egipto kung saan nangamatay naman ang mga di-mananampalataya.

245 At, sa araw na ito, tinatawag ng Dios ang Kaniyang Mga Hinirang, ang espirituwal na Binhi ni Abraham, sa pamamagitan ng taglay niyang pananampalataya sa Salita ng Dios. Hindi ba ninyo nakikita ang espirituwal na Binhi, sa araw na ito?

[Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Hindi Nito nakikita ang intelektuwal na iglesya. Nakikita Nito ang Salita. At Ito’y tinatawag na mula doon sa malalaking mga denominasyon, patungo sa Presensiya ni Jesus Cristo. Maliwanag ba ’yon? Nakuha n’yo ba ’yon? [“Amen.”] Buweno. Magpapatuloy na tayo. Tangang ang Mga Hinirang, lamang!

Doktor D.L.Ph., hindi talaga nila Ito nakikita. Hindi sila hinirang.

<sup>246</sup> At, tandaan, ang paghirang na ito, ay dumarating na ngayon, ay hindi lamang basta pagtungo sa ibang bansa. Ito’y pagtungo sa Kaluwalhatian, kung saan nakasulat ang kanilang mga pangalan sa Aklat ng Buhay ng Kordero. Hindi sa ilalim ng natural, na munting hayop na kordero na naglabas sa Israel, na maaari silang tumalikod mula roon at magbalik. Subali’t, ito’y hindi maaari. Nakapasailalim ito sa Dugo ng Kordero ng Dios na pinatay na bago pa man ang pagkatatag ng sanlibutan. At ang mga pangalan nila ay inilagay na sa Aklat ng Buhay ng Kordero bago pa man ang pagkatatag ng sanlibutan. At naroroon sila, na hinirang. At kapag kumislap ang Liwanag na iyon sa kanila, nang ganiyan, ’yung mga gusaling maka-denominasyon ay naguguhong papalayo sa kanila, at heto na silang dumarating. “Magsialis kayo sa kanila,” ang sabi ng Espiritu Santo sa mga huling araw na ito. “Huwag kayong magsihipo ng mga bagay nilang marumi. Ako sa inyo’y magiging Dios; sa Akin kayo’y magiging mga anak na lalaki at babae.” Ngayon, masdan.

<sup>247</sup> Nakamasid ang Israel. Alam nilang nakikipag-ugnayan ang Dios sa Kaniyang mga propeta. Sila . . . Dumating sa kanila ang Salita, at pumaroon sila para makita Ito. At nakita nga nila Ito.

<sup>248</sup> At ngayon ang tandang intelektuwal, nakikita na natin ito ngayon, na naniniwala sila sa kani-kanilang mga organisasyon. Sila’y naroon pa rin sa kanilang mga kredo. Ganoon pa man sila’y . . .

<sup>249</sup> Kagaya noon ni Balaam, na umakyat sa ituktok ng burol, kung saan naroon ang Israel. Hayun nga ang Israel, na hindi isang bansa, ito lamang ay mga taong nagpapagala-gala, at may sala. At ang Moab, ang kapatid niya, ang intelektuwal, ang organisadong tao, ay umakyat sa ituktok ng burol, kasama ang obispo o ang propetang meron sila, at nagtayo ng isang dambana, at naghandog ng ganoon ding hain. Subali’t nabigo siyang makita ang Haliging Apoy at ang hinampas na Bato na nasa gitna ng Israel.

<sup>250</sup> Ganoon din nga sa araw na ito. Nakatingin ang kaisipang intelektuwal doon sa sikat na taong nakatayo roon. Nabigo silang makita ang hinampas na Bato. Maging ang obispo, mismo, ay nabigong makita ang kapangyarihan ng Espiritu Santo, ang sigaw ng Hari sa loob ng kamento. Nabibigo silang makita ito.

<sup>251</sup> Kaya, ganoon na naman ito sa araw na ito. Tinatawag ng Dios ang Kaniyang hinirang na bayan, at sila ay mga hinirang ngayon. At ngayon hinirang sila para sa ano? Para sa isang pagkabuhay na mag-uli. At anong uri ng tanda ang ipinapakita Niya sa kanila? Tanda ng pagkabuhay na mag-uli.

<sup>252</sup> Ano ang ipinapakita Niya sa kanila kung ganoon? Isang tanda ng pagliligtas, upang iligtas sila mula sa pagkaalipin, isang tanda ng kapangyarihan na makapagsasara sa mga kalangitan o makapagpapadilim sa mga kalawakan.

<sup>253</sup> At ngayon ay ipinakikita na Niya ang kapangyarihan ng muling pagkabuhay ng Kaniyang Anak na nabubuhay sa gitna nila, upang buhayin silang mag-uli mula sa libingang ito at sementeryong kinasasadlakan natin, patungo sa Lupaing ipinangako Niya sa atin. Tanda ng muling pagkabuhay, pagtawag palabas ng espirituwal na Egipto at espirituwal na Babilonia, nalalaman.

<sup>254</sup> Hayaang sabihin ko ngayon ito nang marahan, para maunawaan n'yo ito. Ginagawa ito sa pamamagitan ng siya ring sistema na ginamit Niya noong pasimula, ganoon ding bagay ang ginagawa Niya. Binubulag ang mga mata ng di-mananampalataya; binubuksan ang mga mata ng mananampalataya. At pansining ginagawa naman ito ng pulitika sa maka-intelektuwal na panig, pulitika at simbahan, pulitika at mga bansa, lahat na; at ang kabilang panig ay natatago mula sa kanila, isang espirituwal na dahilan.

<sup>255</sup> Dinala ng Dios ang isang tao sa ilang, tinuruan siya. At ibinalik siya, at kinuha ang naturang bagay, at inilabas ang bayan. Nakita n'yo ba ang ibig kong sabihin? Hindi Niya puwedeng baguhin ang programa Niya. Siya ay Dios. Hinding-hindi Siya makikipag-ugnayan sa isang grupo. Hindi kailanman Niya ginawa. Nakikipag-ugnayan Siya sa isang indibiduwal; at ginawa nga Niya, at gagawin nga Niya. At ipinangako Niya, maging sa Malakias 4, na gagawin Niya nga ito. Tama iyon. Kaya't hayan nga ang Kaniyang pangako, kung ano Siya; nangakong kung anong sinabi Niya'y gagawin Niya, at heto na tay. Anong mga tao, masasaya, dapat tay; ibinibigay sa kanila ang tanda, sa pamamagitan ng ipinangako Niyang Salitang tanda, ipinangakong Salita. Ipinangako Niyang gagawin Niya ito. At isang... "Ipanunumbalik ang Pananampalataya ng mga tao, ang puso ng mga tao, pabalik sa Pananampalataya ng orihinal na mga amang pentecostal." Ipinangako Niyang gagawin ito, ipinapakita ang Kaniyang mga tanda.

<sup>256</sup> "At kung paano ang nangyari sa mga kaarawan ng Sodoma, gayundin naman ang mangyayari sa Pagparito ng Anak ng tao." Anong uri ng tanda ang nakita ng mga iglesya sa Sodoma? Ano'ng nakita ng intelektuwal na iglesya? Dalawang mangangaral. Ano naman ang nakita ng espirituwal na iglesya,

na mga hinirang, si Abraham at ang kaniyang grupo? Nakita ang Dios na nahayag sa isang katawang laman, na katawang tao, na kayang kumilala ng espiritu at sabihin kung ano ang sinasabi ni Sarah sa likuran niya. “Kung paano ang nangyari sa mga kaarawan ni Lot, gayundin naman ang mangyayari sa Pagparito ng Anak ng tao.” Nakikita natin ang Espiritu Santo sa kalagitnaan natin, na ginagawa ang gayunding bagay, gumagawa sa katawang laman. Ito na ang panahon. Kita n’yo? Sadyang naririto na tayó, mga kaibigan. Iyon lang. Narito na ang isang exodo.

<sup>257</sup> Subali’t ngayon pansinin, ginawa Niya ito noon sa pamamagitan ng ano? Pansinin, at gamitin ang espirituwal ninyong pag-iisip. Nawa’y isantabi ng Espiritu Santo yaong lumang pantakip ng pagwawalang-bahala ngayon, at tuminging mabuti. Pagka ang Dios ay nagpasyang gawin ang anumang bagay, sa isang paraan, hinding-hindi na Niya ito maaaring baguhin pa.

<sup>258</sup> Sa Halamanan ng Eden, noong nais Niyang tubusin ang isang tao pabalik sa pakikisama, ay gumawa Siya ng isang pasya: iyon ay ang dugo. Sinubukan na nila ang edukasyon, sinubukan na nila ang denominasyon, sinubukan na nilang magsabansa, at lahat na ng iba pa, at hindi iyon kailanman umuubra. May iisang dako lamang na kinakatagpo ng Dios ang tao, ’yan ay sa ilalim ng nabuhos na dugo, kung paano noon sa Eden. Hindi ito nagbago kailanman. Ang tanging dako na nakipagtagpo ang Dios, noong panahon ni Job, ay sa ilalim ng haing kordero. Ang tanging dako na nakipagtagpo Siya noong panahon ng Israel, sa ilalim ng haing kordero; gaya ng ginawa Niya noon sa halamanan ng Eden, sa ilalim ng hain na kordero.

<sup>259</sup> Ang tanging dako na nakikipagtagpo Siya sa araw na ito, ay hindi sa mga denominasyon; sila’y nagbabangayan at nagtatalu-talo sa isa’t isa. Hindi sa iglesya-nismo; ganoon pa rin ang ginagawa nila. Hindi sa mga intelektuwal; sila’y pawang nangaguguluhan. Kundi sa ilalim ng Dugo ng Kordero, ang bawa’t mananampalataya ay maaaring katagpuin nang may pakikisama, kung saan naroon ang Buhay.

<sup>260</sup> Pumili ang Dios, noong panahon ng exodo, tumawag Siya ng isang grupo. At mula sa grupong ’yon, gusto kong pansinin n’yo ang isang bagay, mayroon lang Siyang dadalawa na nakarating sa lupang pangako. Ano’ng pinili Niya upang siyang maglabas sa kanila, pulitika, organisasyon ba? Pumili Siya ng isang propeta, na may taglay na supernatural na tanda ng isang Haliging Apoy, upang hindi magkamali ’yung mga tao. Ang sinabi ng propeta ay ang Katotohanan. At bumaba ang Dios, isang Haliging Apoy, at pinagtibay ang Kaniyang Sarili, ipinakita ang Kaniyang Salita. Tama ba? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Iyon ang dinala Niya noon, ang Kaniyang unang exodo. Ang Kaniyang pangalawang exodo . . .

261 Ang Dios ay laging gumagawa sa tatlo. Sakdal Siya sa tatlo. Napansin ninyong lahat ang pangangaral ko, lagi itong mga tatlo at mga pito. Uh-huh. Ang *pito* ay ang “kumpleto.” *Mga tatlo* ang Kaniyang “kasakdalan.” Una, Pangalawa, at Pangatlong Hatak. At, oh, lahat, lahat ng bagay. Kita n’yo? Pag-aaring-ganap, pagpapabanal, bautismo ng Banal na Espiritu. Ama, Anak, Espiritu Santo. Lahat! Kita n’yo? Pansinin.

262 Ano ang ginawa Niya, noong unang exodo? Nagsugo Siya ng isang propeta, na may pahid ng Haliging Apoy, at tinawag Niya palabas ang bayan. Iyon ang una Niyang exodo.

263 At noong dumating na ang panahon ng Israel, ay nagsugo Siyang muli, ng isang Dios na Propeta, na may Haliging Apoy. Nakita Ito ni Juan na bumababa mula sa Langit gaya ng isang kalapati. At sinabi Niya, “Ako’y pupunta sa Dios at babalik sa Dios.”

264 Matapos ang Kaniyang kamatayan, paglilibing at pagkabuhay na mag-uli; si Saulo na taga-Tarso, sa kaniyang daan patungo sa Damasco, ay nakita ang siya ring Haliging Apoy. At siya bilang isang Hebreo, naturuang mainam sa Salita, ay nagsabi, “Panginoon, Sino Ka baga?” Alam Niyang iyon ang Panginoon, yaong Haliging Apoy. Isa siyang Hebreo. Sabi, “Sino Ka baga?”

At sinabi Niya, “Ako si Jesus.”

265 Sa ikalawang exodo, isinugo Niya ang isang Propeta, pinahiran, na Kaniyang Anak, Dios na Propeta. Sinabi ni Moises na Siya ay magiging isang Propeta; at taglay ang Haliging Apoy, at gumawa ng mga tanda at kababalaghan. At ang Propeta ding iyon ay nagsabi, na, “Sino man ang sumasampalataya sa Akin, ay gagawin din naman niya ang mga gawang Aking ginagawa.”

266 At dito’y ipinangako Niya ang gayon ding bagay sa exodo sa mga huling araw, at hindi na Niya ito maaaring baguhin pa. At sa pamamagitan ng pagpapatunay ng siyensiya, sa pamamagitan ng patotoo ng Espiritu, sa pamamagitan ng mga gawa ng Espiritu, ay nakikita natin sa araw na ito, ang dakilang Haliging Apoy na kumikilos sa gitna natin; at ang mga tanda at kababalaghan ng muling pagkabuhay ni Jesus Cristo, na tinatawag ang mga tao mula sa isang denominasyonismo, patungo sa Presensiya ni Jesus Cristo, upang mabuhay, papunta sa isang Lupain. Walang pagkakamali, mga kaibigan. Hindi ito kung ano ang sinasabi ko; kapatid n’yo lamang ako. Kundi, ito’y kung ano ang pinatutunayan sa inyo ng Dios, ang nagpapaging Katotohanan dito. Ang siya ring Haliging Apoy na ginamit Niya para doon sa dalawa pa, ay dinala Niya Ito sa kalagitnaan ninyo ngayon, at pinatunayan Ito sa pamamagitan ng siyentipiko. Gaya ng alam n’yo, inilathala Ito ng *Life* magazine noong nakaraang buwan, sa dako roon. Kung saan . . .

267 Ilan ang naririto noon at narinig akong sinabi ang tungkol doon, kung ano ang nangyari, bago nito ginawa iyon? Sa palagay ko, halos bawa't isa sa iglesya.

268 Hayun nga ito. Hindi nila alam kung tungkol saan ang lahat ng ito; sinisikap nga ng mga siyentipiko. Sinuman na may larawan Nito, tinawag na, "Isang Ulap, na dalawampu't anim na milya ang taas, sa hugis ng isang piramide." Pitong Anghel ang kumatawan doon, ibinalik at dinala sa inyo ang Salita ng Dios, sa ilalim ng inspirasyon. Sinasabi Nito sa inyo ang mga oras na ito na tinutungo ninyo at kinabubuhayan ninyo. Makukuha 'yan ng kaisipang espirituwal ngayon mismo, kita n'yo, at mauunawaan ito. Isa itong exodo. Aalis na tayo, isa sa mga araw na ito. Salamat sa Dios. Tandaan.

At magtatapos na ako, sa ilang saglit na lang. May sampung minuto pa ako.

269 Pansinin ang Haliging Apoy na tumawag sa kanila palabas, ay inakay sila patungo sa lupang pangako, sa ilalim ng pahid ng isang propeta. Isang Haliging Apoy na matitingnan nila, inakay sila patungo sa lupang pangako, sa ilalim ng pinahirang propeta. At palagi nila siyang tinatanggihan. Tama ba? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Siyanga.

270 Ngayon, alam kong kailangan nating magkaroon ng gawaing pagbabautismo. Meron pa akong mga anim na pahina rito, sa palagay ko. Nguni't hihinto na ako ngayon, panandali na lamang.

271 Masdan ito. Tayo ay nasa pagtawag-palabas na. "Lumabas ka sa Babilonia, Aking bayan, 'sabi ng tinig ng anghel." Lumabas sa ano? Kaguluhan. Tama ba ang Methodist, o ang Baptist, o ang Katoliko? "Lumabas kayo rito." Ang Dios ang tama. Paano mo nalalaman? "Ang salita ng bawa't tao ay maging kasinungalingan, at ang Aki'y Katotohanan. Lumabas kayo rito." Ano'ng nalalaman mo? Ang siya ring Haliging Apoy, ang siya ring nagpapahid na Espiritu, na nag-aakay patungo sa Lupang pangako.

272 Pansinin, pinangunahan sila, inilabas sila, pinangunahan sila patungo sa lupang pangako; ang Israel, ang bansa.

273 At ang siya ring Dios, ang siya ring Haliging Apoy! Iyon lamang. . . "Sinasabi nila na ang. . . na ang kamerang iyon. . ." Kapag binasa n'yo ang kay George J. Lacy; hindi ako, ha. Basahin n'yo kung saan sinuri ni George J. Lacy 'yung naturang larawan. Ang pinuno ng F.B.I., para sa bakas ng daliri at mga dokumento, naroon ang kaniyang paglalahad. "May nagsasabi, 'Isang dalawang-beses na nailantad na lente.'" Libo-libong tao ang natingnan na Ito, ng kanilang sariling mga mata. Nakatayo tayo noon dito at tiningnan Ito. Nakita n'yo na Ito. [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Hindi Ito ganoon. "Sabi nila, 'Iyon ay pandaraya sa mata.'" Ano'ng sinabi ni G. Lacy? "Hindi

kukunan ng mekanikal na mata ng kamerang ito ang sikolohiya.” Uh-huh. Hindi iyon pandaraya sa mata. Naroon iyon, ang siya ring Haliging Apoy.

Pagkatapos sinasabi nila, “Oh, buweno, ilusyon lang iyon.”

Ngayon, ang mga kamera, lahat, sa daan-daang milya ng Tucson!

<sup>274</sup> Anim na buwan bago iyon maganap, sinabi namin sa inyo, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, na paroroon ako para kunin ang balita. Sapagka’t, ang Sulat ay nasa labas ng piramide, gaya nga ng napanaginipan ng kapatid, at ibinigay ko sa inyo ang paliwanag tungkol doon. Iyon ang kabuuang interpretasyon. Ngayon, lahat ng hiwaga ng pag-aaring-ganap, pagpapabanal, bautismo ng Banal na Espiritu, ay tapos nang ipinaliwanag. Ngayon sa pagtitipon ng ilang bagay pang natitira, na naitago sa Pitong Tatak, hindi sa pitong kapanahunan ng iglesya. Inihayag ng Pitong Tatak ang mga hiwaga. At pagkatapos ay binuksan Niya ang bagay na ito, sa ituktok, at nakasumpong ng isang Bato roon, na puti, nguni’t hindi pa kailanman nasulatan. Iyon ay isang hiwaga.

<sup>275</sup> Nagtungo sa Tucson; nasabi na ito bago pa man ito nangyari. Nakatayo sa hilaga ng Tucson, mga saksi ay nakatayo rito kasama nito, noong dumating ang isang pagsabog, na niyugyog mula sa lupa ang mga kabundukan, halos. At sa oras ding iyon, isang pabilog na Liwanag ang lumulutang doon sa ere, noong kunan ng siyensiya ang mga larawan ngayon. “Dalawampu’t anim na milya ang taas,” mga limang beses sa layo ng mga hamog o anumang bagay na maaaring maging ganoon. At ni hindi nila makita kung ano’ng gumawa nito.

<sup>276</sup> “Magliliwanag sa gabi.” Ang daan tungo sa Kaluwalhatian ay tiyak mong masusumpungan, kung ika’y hinirang. Ang Binhing iyon ay nahuhulog sa mga tuyong lupa, sa mga batuhan, wala itong magagawang anuman; sa matigas, mabatong mga puso na nagnanais na magwalang-bahala. Nguni’t kung mahuhulog Ito sa malambot, malambot na lupa ng pananampalataya, maglalabas Ito ng isang Cristiano, na namumunga ng mga bunga ng Espiritu.

<sup>277</sup> Pansinin kung paano iyon ginawa ng Dios. Nasa Kaniya ngayon ang siya ring Haliging Apoy. Iyon ay pinatunayan.

May nagsabi, “Bakit hindi ka pumunta’t sabihin sa kanila na mga siyentipiko ang tungkol Diyan?”

<sup>278</sup> Iniisip n’yong paniniwalaan nila Ito? “Huwag ninyong ihagis ang inyong mga perlas sa harap ng mga baboy.” Sinabi ni Jesus na huwag. Walang pangunguna sa akin na gawin iyon, gayunma’y naninirahan doon mismo sa lungsod kung saan nananabik sila para dito. Naisip kong pumunta roon. Sinabi ng Espiritu Santo, “Lumayo ka. Hindi iyon para sa kanila. Bumalik ka’t sabihin sa tabernakulo.” Buweno.



279 “At mangyayari ito. Kung ang sinasabi nila ay mangyari, kung ganoon, alalahanin, Ako’y nagsalita,” sinasabi ng Panginoon, “makita, bago ito maganap.” Doo’y nangyari ito. Makinig sa Biblia, nananawagan ang Tinig ng Dios sa iyo sa araw na ito.

280 Ngayon nais kong mapansin n’yo. Ang siya ring Haliging Apoy na ito ay inaakay ang mga tao muli patungo sa isang Lupang pangako, ang Milenyum. Kung saan, nasumpungan natin, sa ilalim ng kasi nitong Ikaanim na Tatak, (hindi pa ito kailanman naituro noon), kung paanong ang lupa ay kailangang madalisay para sa Milenyum. Inaakay sila ng Haliging Apoy tungo sa Milenyum.

281 At pansinin ang Haliging Apoy na umakay sa Israel mula sa pagkaalipin, sa exodong iyon; ang naturang Haliging Apoy, sa ilalim ng pangunguna ng Dios. Ang Dios yaong Apoy, at ang Haliging Apoy na iyon ay pinahiran lamang ang propeta. Kumakatawan ang Haliging Apoy bilang isang Makalangit na saksi na tinawag si Moises.

282 Alalahanin si Dathan, sila, ang sabi, “Buweno, dapat na mag-umpisa na tayo ng isang organisasyon. Moises, sobra na ’yang ginagawa mo. Sinisikap mong sabihing ikaw lang ang siyang tanging banal sa gitna namin. Ang buong kapulungan ng Panginoon ay banal. Paano mo nagagawang magmalabis sa ganito?”

283 At nagpatirapa si Moises at nagpasimulang umiyak. Sinabi ng Dios, “Humawalay ka sa kaniya. Ibubuka Ko na lamang ang lupa at lamunin siya.” Tipo. Paanong. . . Sinabi ni Moises sa kanila na sinasabi niya sa kanila kung ano’ng sinabi ng Dios, na pinatutunayan naman Ito ng Dios bilang siyang Katotohanan.

284 Maging si Miriam, ang propetisa mismo, at si Aaron, ay pinagtawanan si Moises, sa pagpapakasal niya sa babaeng iyon na taga-Ethiopia, pinagtatawanan siya. At nagalit ang Dios; magsalita ka ba naman laban sa Kaniyang lingkod. Ano’ng ginawa Niya? Tinawag Niya sila palabas sa pintuan ng tabernakulo. At si Miriam, kahit pa, isa siyang propetisa. Subali’t si Moises ay higit pa sa isang propeta, higit pa sa isang propeta. Sabi Niya, “Hindi ka ba natatakot sa Dios? Kung mayroon sa gitna ninyo na isang propeta, Akong Panginoon ay kakausapin siya sa mga pangitain, at pakikilala ang Aking Sarili sa kaniya sa mga panaginip, nguni’t,” sabi, “hindi si Moises.” Sabi, “Hindi ba kayo natatakot sa Dios?” At siya—halos mamatay na siya sa ketong, nang sandaling iyon mismo. Alam n’yo iyon.

285 Hindi ba’t sinabi Niya, “Si Juan Bautista. Lumabas ba kayo upang makita ang isang propeta? Oo, lalo pang higit kaysa isang propeta”? Bakit? Bakit higit pa siya sa isang propeta? Siya ang

mensahero ng Tipan, ang kaban na pinagsama ang dalawang kapanahunang iyon.

<sup>286</sup> At sa araw na ito, ang . . . kung ano ang nasa gitna natin, itong dakilang Espiritu Santo, ay lalo pang higit kaysa isang propeta. Ito'y ang Dios na nahayag sa gitna natin, na ang Kaniyang Salita ang magpapatunay nito. Gumagawa ng higit pa kaysa sa nagagawa ng isang propeta, makalibong beses na higit sa nagagawa ng mga propeta.

<sup>287</sup> Si Elias, na isa sa pinakadakilang mga propeta ng panahong iyon, ay gumawa lamang ng apat na bagay na supernatural, sa buong buhay niyang humigit-kumulang na walumpung taon. At si Eliseo, na may dobleng bahagi, ay gumawa ng walo.

<sup>288</sup> At nakikita natin nang libo-libong beses, ng sarili nating mga mata, namamasdan ang Anghel ng Panginoon, sa Haliging Apoy. Ang makaagham na pagsisiyasat, dinadala ito sa sanlibutan, nalalamang sila'y hahatulan sa pamamagitan Nito. Ano ang ginawa ng Korderong iyon, 'yung Anghel ng Panginoon, na si Cristo? Sinasampalatayanan n'yo ba Ito? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

<sup>289</sup> San Juan 6. Noo'y iniinom nilang lahat itong tubig, at nagkakaroon ng magandang panahon at nagsasaya. Sabi Niya, "Ako ang Tinapay ng Buhay na nagbuhat sa Dios mula sa Langit. Ako ang Batong iyon sa ilang."

<sup>290</sup> Sabi nila, "Ngayon alam na naming nasisiraan Ka na ng bait. Ika'y—nasisiraan Ka na ng bait. Ikaw, mayroon Kang diablo sa Iyo. Ikaw ay Taong nasisiraan na ng bait, na may diablo." Alam n'yo, ang mga tao'y nagkakaroon ng espiritung sumasa kanila, na kung minsan sila'y nagiging napakaaktibo, relihiyoso. Sabi nila, "Ika'y—isa Kang diablo. May diablo Ka sa Iyo. Isa Kang Samaritano, at mayroon Kang diablo sa Iyo." Sabi, "At heto, hindi Ka pa nga hihigit sa limampung taong gulang, at sasabihing 'nakita Mo si Abraham?'"

<sup>291</sup> Nakikini-kinita ko Siyang umatras ng ilang hakbang. Sabi, "AKO YAONG AKO NGA. Bago pa si Abraham, AKO NGA." Iyon ay isang nagliliyab na Apoy, yaong Haliging Apoy sa mababang punong-kahoy.

<sup>292</sup> Nang mamatay Siya, at bumangon sa ikatlong araw, at nakatagpo Siya ni Saulo sa daan, bumalik na Siya sa Haliging Apoy na iyon. Sabi, "Nagmula Ako sa Dios, at Ako'y babalik sa Dios."

<sup>293</sup> Noong nasa bilangguan si Pedro, ay pumasok ang Haliging Apoy na iyon, binuksan ang mga pintuan at dinala siya sa labas. Tama 'yon.

Saan sila inakay ng Haliging Apoy na iyon?

<sup>294</sup> Ngayon, tandaan, si Moises ay hindi yaong Haliging Apoy. Siya ang pinahirang tagapanguna, sa ilalim ng Haliging Apoy

na iyon, at pinatunayan lamang ng naturang Haliging Apoy ang kaniyang Mensahe sa pamamagitan ng mga tanda at kababalaghan.

<sup>295</sup> At pinangunahan sila ng Haliging Apoy na iyon patungo sa lupain na ipinangako ng Dios sa kanila, kung saan Siya, Mismo, ay magkakatawang-tao sa gitna nila, balang araw. Tama ba? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Ano naman ang ginawa nila? Nagreklamo at di mapakali, at lahat na ng iba pa, upang ipakitang nasa ilalim iyon ng dugo ng isang pangkaraniwang kordero.

<sup>296</sup> Subali't sa pagkakataong ito (luwalhati sa Dios,) ang Haliging nakikita natin sa kalagitnaan natin, pangungunahan tayo ng Haliging Apoy patungo sa Milenyum, kung saan babalik Siya sa Kaniyang mga tao sa dakilang Milenyum na paghaharing iyon pagkatapos ng exodo na ito, kung saan mabubuhay tayo nang Walang Hanggan kasama Niya. Taglay Niya lagi noon pa man ang Salita ng Ama, laging pinatutunayan na tama Ito.

<sup>297</sup> Tayo ay nasa isang exodo. At aalis, at isasara na ang mga teyp sa ilang sandali. Oh, mga kaibigan ko, mga kapatid ko, kapuwa mga nakadalo at 'yung mga makakarinig sa mga teyp, hayaang ako. . . bilang kapatid ninyo at mamamayan ng Kaharian ng Dios. Lumabas kayo, sa exodong ito, sapagka't lahat ng maiiwan ay magkakaroon ng tatak ng hayop. Lumabas kayo sa Babilonia. Lumabas kayo sa kaguluhang ito. Lumabas kayo sa mga sistemang ito, at paglingkuran ang buhay na Dios. Hayaang. . .

<sup>298</sup> Itong dakilang Anghel ng Tipan! "Si Jesus Cristo, na nasa anyo ng Dios, ay hindi inaring isang bagay na nararapat panangnan, ang maging kapantay ng Dios." Siya'y Haliging Apoy ngayon, sa gayunding anyo kung ano Siya noon, na dinadala noon ang unang exodong iyon, na dinadala noon ang ikalawang exodo, at heto na Siya ngayon sa ikatlong exodo.

<sup>299</sup> Ang unang exodo, ano'ng ginawa Niya? Inilabas Niya sila mula sa isang natural na lupain, patungo sa isang natural na lupain.

<sup>300</sup> Ang pangalawang exodo, inilabas Niya sila sa isang kalagayang espirituwal, patungo sa isang espirituwal na bautismo ng Banal na Espiritu.

<sup>301</sup> Ngayon dinadala na Niya sila mula sa espirituwal na bautismo ng Banal na Espiritu, pabalik doon sa Walang Hanggang Lupain ng Milenyum at sa dakilang Kabilang Buhay. Ang siya ring Haliging Apoy, sa pamamagitan ng siya ring pinahirang kaparaanan, ang siya ring Dios na ginagawa ang ganoon pa ring mga bagay! At ang siya pa ring Salita, ay inihayag 'yung una, inihayag 'yung pangalawa. Ang siya pa ring Salita, na inihayag 'yung pangalawa, ay inihayag 'yung pangatlo, heto't nakikita na natin Ito sa kalagitnaan natin.

302 Lumabas kayo. Oh! Lumabas kayo sa malaking kaguluhang ito. Lumapit kayo sa buhay na Dios. Lumapit kayo sa Salita. “At ang Salita ay nagkatawang-tao at tumahan sa gitna natin.” At ngayon Siya ay nasa ating laman na, na nananahan sa gitna natin. Lumabas at paglingkuran ang buhay na Dios.

303 Habang iniyuyukod natin ang ating mga ulo. [May isang kapatid na lalaki na nagsalita ng ibang wika. May isa pang kapatid na lalaki na nagbigay naman ng interpretasyon—Pat.]

304 Habang nakayukod ang inyong mga ulo. Mula sa kaibuturan ng inyong kaluluwa, mula sa pinaka kaibuturan ninyo, nais ba ninyong alalahanin na . . . Handa na ba kayong ihinto ang lahat ng bagay ng sanlibutan, at mabuhay para sa Dios? Ngayon, kung hindi ito taos-puso sa inyo, huwag n’yong gawin ito. Subali’t kung totoo ito sa inyo, nang buong puso n’yo, na kayo ngayon ay kumbinsido na. Gaya nga ng sinabi ni Jesus, sa dakong huli ng Kaniyang ministeryo, “Ngayon nananampalataya na ba kayo?” Kumbinsido na ba kayo na tama ang mga bagay na ito, na pinatunayan ng Dios, at tayo’y nasa huling panahon na, at talagang nais ninyong lumapit na ngayon kay Cristo? Pumasok sa exodong ito, ng pagtawag mula sa pagwawalang-bahala, denominasyonalismo, mga kaisipan at mga bagay ng sanlibutan. At nais ninyong sumuko nang buong puso sa Kaniya at lumabas na kasama sa exodo, patungo sa pinagpalang Lupang pangako, maaari ba ninyong itaas ang inyong mga kamay habang tayo’y nananalangin? Sigurado ba talaga kayong nais ninyong lumabas na, bawa’t isa?

305 Makalangit na Ama, ang mga nangakataas ang kamay, hayaang lumabas sila ngayon, Panginoon. Hayaan ang Espiritu Santo, ayon sa pangako ng Salita, hayaang kumilos ang Espiritu Santo sa kanilang mga puso. Mula sa aming kongregasyon, ay mayroong mga dalawampung kamay, sa palagay ko, Ama, na ganap na ang kasiyahan at nalalamang ito’y—na totoo ito, at nais nilang lumabas. Kung mayroon mang . . .

306 Noong mga araw ng paglabas ng Israel, mula sa dalawa at kalahating milyong katao, ay dadalawa lang ang nakarating sa lupain.

307 Noong panahon ni Jesus Cristo, mayroong mga isandaan at dalawampung nakapasok.

308 At ngayon, sa mga araw ng pagtatapos ng sanlibutan, sinabi Mo, “Makipot ang pintuan, at makitid ang daan, at kakaunti lamang ang nangakasmusumpong niyon. Subali’t malapad ang daan patungo sa pagkapahamak, at marami ang magsisipasok.” Ang Mga Salitang iyon ay hindi mabibigo. Sila po’y sa Iyo.

309 Idinadalangin ko sila ngayon, Panginoon. Dalangin ko na Iyo pong tuliin, sa oras na ito, sa pamamagitan ng Iyong Banal na Espiritu, ang mga pusong ito. Alisin Mo pong lahat ang mga bagay ng sanlibutan. Tuliin ang kanilang mga tainga, pagka’t

naririnig nilang malinaw ang Tinig ng Dios, na tumatawag, sa pamamagitan ng Kaniyang Salita at sa pamamagitan ng Liwanag ng araw na ito. At ipagkaloob po, Panginoon, na mangabuksan ang kanilang mga mata, upang mangakita nila ang kaluwalhatian ng Dios sa huling pagsasarang ito ng panahon. Sinabi Mo po, “Lahat ng ibinigay ng Ama sa Akin ay lalapit, at sila’y Aking ibabangon sa huling araw.”

<sup>310</sup> Panginoon, marahil marami po dito ang hindi pa nakakaunawa. Dalangin kong kakaugnayin Mo po sila, at bibigyan silang muli ng isa pang pagkakataon, Panginoon, upang maunawaan nila, na marinig Kang nangungusap sa pamamagitan ng Iyong Salita, na pinatutunayan ang Iyong Sarili; at pagkatapos ay mangusap Ka po sa amin sa supernatural na tinig, at saka may kasamang interpretasyon; upang makita ang Iyong mga dakilang gawa na pinatutunayang totoo Ito, sang-ayon sa Biblia. Idinadalangin ko, Dios, na patatawarin Mo po kami sa aming mga kasalanan, ngayon, at habang idinadapa ko ang aking sarili sa ibabaw ng Salitang ito.

<sup>311</sup> Dios, iniisip ko po na, isang linggo pa lamang ang nakararaan, ako—idinapa ko ang aking sarili sa isang taong patay na na nasa sahig dito. Nakita ko ang dakilang Espiritu Santo na binuhay siyang muli. Nakatirik na ang mga mata niya, nakabulagta, na patay na. Kaunti lang, ilang salita lang ng pagtawag sa Iyong Pangalan, ay nakita ko po siyang nabuhay. Heto siya sa araw na ito, na buhay, pa rin. Panginoon, Ika’y siya pa ring Dios, na, noong idapa ni Pablo ang kaniyang sarili doon sa ibabaw ng binatang iyon, na nakikinig sa kaniyang mangaral nang napakatagal, ’yung lalaking iyon na nahulog mula sa bintana. Ikaw ang siya pa ring Dios na makapagpapanumbalik ng buhay. Pinasasalamatang Ka po namin, Ama. Nawa... Hindi marahil maniniwala ang di-mananampalataya. Subali’t sumasampalataya kami, Panginoon. Iyong napatunayan na ang Iyong sarili sa amin.

<sup>312</sup> Ngayon hayaang ang pagninilay-nilay ng puso ko, at ang mga iniisip ng isipan ko, ang lakas ko’t lahat, ay matunaw nawa sa Salitang ito. At itulot nawa na ang Salita at ako, kasama, Panginoon, sampu ng mga tao, ay magmartsa patungo sa Kaharian ng Dios. Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon. Ipagpatawad ang aming mga kasalanan. Pagalingin Mo po ang aming karamdaman, at gawin kaming tagasunod sa Iyong Kaharian.


<sup>313</sup> At ngayon, habang pumaparito ang mga ito, Panginoon, at binubuksan na ang bautismuhan, nakahanda na ang tubig, at ang pagbabautismo ay mag-uumpisa na sa ilang minuto, naaalala po namin noong itong Ebanghelyo ding ito ay ipinangaral, sinabi ng Biblia, “Lahat ng mga sumampalataya ay nabautismuhan.”

<sup>314</sup> Heto ang mga panyo na naririto, Panginoon, na binabasbasan ko po sa Pangalan ni Jesus Cristo, para sa kagalingan ng mga maysakit. Kung ganoon kapag . . .

<sup>315</sup> Mahahaba ang mga gawain namin, nakakapagod, pagka't huli na ang mga oras. Kailangan naming mailagay ang Salita habang may lupa pang mapaglalagyan Nito, pagka't paparating na ang maginaw na taglamig. Nakikita namin ito. Nalalaglag na ang mga dahon, at nalalaman naming nalalapit na ang taglamig. Kailangan na naming halukayin ang ibabaw at ibaon ang Binhi. Kaya, dalangin ko po, Makalangit na Ama, na mangungusap Ka sa bawa't puso.

<sup>316</sup> At sinabi ng Biblia, "Lahat ng sumampalataya ay nabautismuhan." At, Panginoon, kung mayroon ngayong maraming nanampalataya, at hindi pa kailanman nabautismuhan sa Pangalan ng Iyong minamahal na Anak, na si Jesus, nawa lumapit sila ngayong umaga, nang magiliw at mapagpakumbaba, at ipinahahayag ang kanilang kasalanan, at namamatay na sa mga bagay ng sanlibutan; upang mailibing, upang dalhin ang Pangalan ni Jesus Cristo; upang mabuhay nang maka-Dios, mula ngayon, sa tulong ng Espiritu Santo. Ipinagkakatiwala po namin sila sa Iyo ngayon, Panginoon, para sa layuning ito, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

<sup>317</sup> Ngayon inililipat na natin ang gawain kay Kapatid na Neville, at kung ano pa man ang sasabihin niya, habang naghahanda para sa gawaing pagbabautismo.

<sup>318</sup> At ngayong gabi, sa ganap na alas-siyete y media, kung loloobin ng Panginon, gusto kong iteyp itong isa pang Mensahe. Pagpalain kayo ng Dios hanggang sa panahong iyon. 

*ANG IKATLONG EXODO* TAG63-0630M  
(The Third Exodus)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng umaga, Hunyo 30, 1963, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2010 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)